<u>DOS</u>

Dulang Pampelikula

## DOS SYNOPSIS

He was there to right a wrong. She was there for an adventure.

Theirs was a meet-cute unlike any, with a revolution as a backdrop and the ouster of a corrupt president as the finale. In between, they develop a friendship that quickly turns into a life-altering moment.

He is a 20-year-old sophomore and street parliamentarian from the state university. A middle child from a low-income family, he sees the world through the lens of oppression. In choosing activism over academics, he believes he can break the cycle of social inequality and carve a better future for people like him.

At 17, she knows very little about the world. Being the youngest child in a well-to-do family, she has everything at her fingertips. Hers is a comfortable and carefully planned life with no room for spontaneity. More than anything, protesting at EDSA with thousands of strangers was her personal rebellion against boredom.

Facing mortality together leads to a night of profound self-discovery for two strangers from opposing realities. Boy realizes the depth of his patriotism while Girl is confronted with the hollowness of her life. But before they could exchange names and contact numbers, the protest escalates on word that Erap is finally stepping down. The pair is separated by an unruly crowd and lose contact.

Fast forward 21 years. Boy and Girl have another chance encounter, two days before the Presidential Election.

After spending the whole day together, she realizes that although he remains the respectful, principled gentleman that she remembers, his affiliation and views are a stark contrast to her own.

Despite their history and feelings for each other, they cannot get past their conflicting ideologies and leave things hanging.

1 I/E. CAR, TRACKING - DAY

Establishing ng kahabaan ng EDSA. Traffic is slow but moving.

We see Kathleen Madrigal, 38 years old, driving habang may kausap siya sa phone, naka-hands-free.

KATHLEEN
Next hearing is on the 27th. So dapat, sa week ng 20, mag-meet na tayo para ma brief kita kung ano sasabihin. Sige, text mo na lang ako ng preferred date.

Kathleen ends the call, sees may missed call sa phone niya. She makes another phone call.

KATHLEEN (CONT'D)
Andrea? On the way na ako. Ayala ka na? Ha? Bakit sa hotel? Ah - sige. Malapit na ako. See you!

Kathleen ends the phone call when she notices na hindi na gumagalaw ang sasakyan. Puro busina na lang ng mga impatient at nagmamadaling motorista ang maririnig.

Kathleen rolls down her window and calls the attention of an MMDA officer standing nearby.

KATHLEEN (CONT'D)
Boss. Anong nangyayari?

MMDA OFFICER
Road closure, Ma'am.

KATHLEEN
Di ba bukas pa yung rally?

MMDA OFFICER
Hanap na lang kayo ibang daan --

As Kathleen tries to find another route, madadaanan niya ang isang kumpol ng tao na naga-gather sa sidewalk. Gumagawa ng plakards, nagkakabit ng mga flag/ribbons sa mga puno at poste.

A young man catches Kathleen's attention.

KATHLEEN
Joma?

Instinctively, bababa si Kathleen ng sasakyan.

2 EXT. STREET - SAME DAY

Hahabulin ni Kathleen ang lalaking nakita.

KATHLEEN
Joma!

Kathleen grabs the arm of the young man. Lingon ang lalaki.

YOUNG MAN
Bakit po?

Kathleen realizes, nagkamali siya ng akala. Hiyang-hiya.

KATHLEEN
Ah, sorry. Pasensya na.

Kathleen is embarrassed and disappointed with herself for her impulsive action. She walks back towards her car.

Sa paglakad niya pabalik sa sasakyan niya, close up sa mukha niya, may mga malalala na boses/usapan.

STUDENT 1 (V.O.)
Ten senators, gustong buksan ang envelope. Eleven yung nagsabing No.

STUDENT 2 (V.O.)
What’s inside the envelope?

STUDENT 1 (V.O.)
We will never know. Kasi nga, blinock noong 11 senators. Pero galing sa bank yung envelope!

Close up sa mukha ni Kathleen as she remembers something. Tatawid ang mga VO as actual conversations that she has heard 20 years ago.

DISSOLVE TO:

3 EXT. SCHOOL CAMPUS - ANOTHER DAY ( FLASHBACK, 2001)

The year was 2001.

Establishing ng isang university campus na puro babae ang students. Naka uniform sila.

We see Kathleen (17 years old), walking sa campus at madadaanan ang tatlong students na nag-uusap, loud enough for Kathleen to hear.

STUDENT 3
Baka that would confirm na Erap has a secret bank account.

STUDENT 1
Nag resign na si Nene Pimentel. At nag walk out yung 10 senators!.

STUDENT 3
Justice died that night. Kaya nga they're urging people to wear black.

Lilingon si Kathleen sa mga nadaanang students na nag-uusap. Mapapaisip, bothered sa narinig.

Makikita niya ang mga kaibigang na-uumpukan sa isang bench. Si MILES, chubby chinita, na may makapal na salamin. Si MARGAUX, kikay na may makulay na headband. Si BEA, mestiza, balingkinitan.

Lalapitan ni Kathleen ang mga kaibigan, na masinsinan din na nag-uusap.

MILES
Cardinal Sin is inviting everyone to go to EDSA!

MARGAUX
Like - to protest?

MILES
Vigil lang naman daw. Prayer vigil.

MARGAUX
'Yan na ba ang bagong tawag nila sa rally? If prayer vigil lang - why EDSA?

MILES
Every day, nadadagdagan ang mga pumupunta sa EDSA Shrine.

BEA
Hindi ba tayo sasali?

MILES
Gusto niyo ba?

KATHLEEN
Wait - ngayon? Sa EDSA? Pero may class pa tayo.

May maririnig na message alert tone mula sa isang Nokia phone. Sabay-sabay na kukunin nina Kathleen at mga kaibigan niya ang cellphone nila. Iisa sila ng model ng Nokia cellphone. Magkakaiba lang ng kulay sa mga cases.

VISUAL FX

4 Messages Received.
“Pnta kmi EDSA l8r.”
“Go 2 EDSA. Wear Black.”
“F U want Erap 2 resign, go 2 EDSA now.”
“Oust Erap. Go 2 EDSA.”

MILES
Nag text yung friend ko sa Ateneo. May bus daw that would bring them to EDSA.

BEA
Sa UP nga, the students walked out of their classrooms. Hindi raw sila magka-class hanggat hindi nagri-resign si Erap.

MILES
Lagi naman silang nagpo-protesta, kahit ano ang issue. Boycott. Rally. Part na iyun ng buhay nila.

BEA
You’re right. But -- Ateneo?! I think this is the first time na nagpa-participate sila sa ganito. We should go!

MILES
Yes! We should go! Ano, Kath. Tara?

Hesitant si Kathleen. Worried.

BEA
Baka andoon si Inigo!

KATHLEEN
Magagalit si Mama kapag nalaman niya na-

Hindi matatapos ni Kathleen ang sasabihin.

MILES
Hindi mo naman kailangan sabihin sa kanya. Hindi niya malalaman. Babalik din tayo agad.
(MORE)

MILES (CONT'D)
Sisilip lang tayo. Titingnan natin kung anong nangyayari.

BEA
Basta kailangan nandito na tayo by 4. May appointment ako sa dentist.

MARGAUX
(kay Kathleen)
Hindi natin kailangan sumama sa kanila, Kath. Mainit doon. Maraming tao. And most of all, delikado!

Hindi makasagot si Kathleen, torn.

BEA
Basta ako, pupunta ako. Miles? Tara?

MILES
Sige! Game.

BEA
Wait - how do we get there?

MILES
Mag cab na lang tayo.

Maglalakad si Miles at si Bea palayo kay Kathleen at Margaux. Makakasalubong ang ibang students.

STUDENT 1
Mag-i-EDSA din kayo?

MILES
Kayo rin?

STUDENT 1
Let's hire an FX na lang!

Susundan ni Kathleen ng tingin ang mga kaibigan at kaklaseng naglalakad na papunta sa gate ng campus. Maiiwan si Kathleen kasama si Margaux, na nagsisimula na maging madaldal.

MARGAUX
I have the DVD of Season 3 of Dawson's Creek na. You have, na?

Iiling lang si Kathleen, nakatingin sa mga kaibigan na palabas na ng gate.

KATHLEEN
Season 1 lang napanood ko.

MARGAUX
Oh My Gosh. Did you know in Season 2, Pacey starts to -

Hindi interesado si Kathleen sa sinasabi ng kaibigan, susundan pa rin niya ng tingin ang mga kasamang nakalabas na ng gate.

Maiinggit si Kathleen dahil may gagawin na exciting ang mga kaibigan. Habang siya, naiwan sa school, kasama ang isang kaibigang mas pinag-kakaabalahan pa ang TV show at artista.

Biglang tatayo si Kathleen, hahabulin sina Miles, Bea, at iba pang kakalase.

KATHLEEN
(pasigaw)
Miles! Wait!!!

Tatakbo si Kathleen, habol sa mga kaibigang nasa labas na ng gate ngayon.

4 I/E. FX, TRACKING - SAME DAY

Nakasakay sa FX sina Kathleen, Miles, Bea, at katabi ni Kathleen, si Margaux, na napilitang sumama. Agitated si Margaux, habang excited naman si Kathleen.

We hear the radio blasting from the FX. The radio reporter is talking about the development in Edsa.

RADIO REPORTER
Kabayan, trumiple ang bilang ng mga tao dito ngayon kumpara sa mga pumunta kahapon... At gumawa sila ng human chain, mula sa EDSA shrine hanggang Ayala Avenue. Para daw ipakita kay President Erap na daan-daang libo na ang nananawagan sa kanyang pagbitiw sa posisyon.

RADIO ANCHOR
May nakarating na balita dito sa newsroom na magwi-withdraw na daw ng suporta sa Presidente ang PNP at AFP. Totoo ba ito?

RADIO REPORTER
Aalamin natin mamaya kung may katotohanan ito, Kabayan, at kung totoo mang magkakaroon ng presscon ang PNP mamaya.

As Kath presses her face sa window and looks outside, she feels the gush of thrill and excitement. At 17, she has never done something spontaneous in her life. At yun ang tingin siya sa ginagawa niyang pagpunta sa Edsa Shrine: an adventure.

5 EXT. EDSA ROAD - LATER, SAME DAY

Establishing ng Edsa shrine. Makikita natin ang kumpulan ng mga estudyante mula sa iba't ibang paaralan. May mga naka-uniform, may mga naka civilian. Mapapansin na halos mga students ang mga nasa EDSA. May mangilan-ngilan na mga naka-corporate attire. Halos lahat ng andoon, nakasapatos. Walang naka-tsinelas.

Darating sina Kathleen at mga kaibigan, naka uniporme pa rin. Ang mga student groups na madadaanan nila, may mga dalang plakards at banner.

May isang grupo ng mga estudyanteng galing Ateneo. Mukhang mababango pa rin. Kahit pawisan, kahit nabilad na sa araw. Kasama dito ang crush ni Kathleen na si INIGO, 17. Chinito. Conyo. Englisero.

BEA
(tutuksuhin si Kathleen)
Uy, Kath! Si Inigo o!

Lingon si Kathleen sa tinuro ni Bea. Nakatitig siya kay Inigo, na abala sa pakikipag-usap sa mga kasama.

INIGO
Dude, are we staying here or are we moving to the other side?

Mapapansin ng kasama ni Inigo na nakatitig si Kathleen sa kanya. Sisikuhin niya si Inigo at ituturo si Kathleen.

INIGO (CONT'D)
Ei, Kath!

KATHLEEN
Uy!

INIGO
Who's with you? Kanina pa kayo?

KATHLEEN
We just got here. I'm with Mi-

Lingon si Kathleen sa mga kasama niya at makikitang lumilipat sina Miles, Bea, etc sa lugar na may shade at hindi sila maiinitan. Hahabulin ni Kathleen ang mga kaibigan, na hindi napansing tumigil si Kathleen para kausapin si Inigo.

KATHLEEN (CONT'D)
Miles - wait!

Naglalabas ng Sanrio na pamaypay si Margaux.

MARGAUX
Doon. Doon na lang tayo. May shade. Saka, may mauupan pa tayo!

BEA
Mall na yun! Dito tayo sa malapit sa shrine -

Bea looks around.

BEA (CONT'D)
Doon. Doon na lang.

6 EXT. EDSA ROAD - SAME DAY

Habang naghahanap ng mapupuwestuhan ang grupo ni Kathleen, madadaanan nila ang isang grupo ng mga aktibistang miyembro ng LFS (League of Filipino Student) sa State University.

Kasama dito si JOMA, naka tshirt, faded jeans, worn out sneakers, na nagbi-brief sa mga baguhang kasama tungkol sa rally. Namimigay din si Joma ng mga plakards.

JOMA
Para sa mga newbie, kilalanin niyo ang mga katabi niyo. Importanteng kilala niyo ang isa't isa dahil kadalasan, may mga manggugulo at magpapanggap na kasama natin para magsimula ng gulo at sa grupo natin ibabagsak ang sisi!

Habang passionate si Joma sa pag-lead ng pagsigaw ng protesta sa mga kasama, matatamaan ni Joma si Kathleen sa braso. Magkakadikit ang mga braso nila.

KATHLEEN
Ewwwww!

Mararamdaman ni Kathleen ang basa at lagkit ng pawis ni Joma. Mandidiri ito. Allergic sa dugyot!

Maglalabas ng hand sanitizer si Kathleen at bubuhusan ang sarili. Sa halip na mainis, matatawa na lang si Joma sa "kaartehan" ni Kathleen.

JOMA
Sorry, Miss!

Hindi papansinin ni Kathleen si Joma, tuloy sila sa paglakad.

Biglang may isang college student mula sa ibang university ang hihimatayin dahil sa init at exhaustion.

Magkakagulo sa paligid. Titingin si Kathleen sa student na hinimatay, at ngayon ay pinapaypayan ng mga kasama para magka-malay. Makakaramdam ng takot at pag-aalala si Kathleen. Dapat ba hindi na siya sumama?

KATHLEEN
(kay Miles)
Miles, anong oras tayo uuwi?

MILES
(chuckles)
Kararating lang natin, uwi na agad?

BEA
Mas matagal pa tayong bumiyahe kung aalis na tayo ngayon.

MILES
Siguro one or two hours tayo dito? Mag prayer vigil muna tayo.

Hahaba ang leeg ni Miles, hahanapin kung saan sila puwedeng pumwesto.

MARGAUX
You wanna go home na, Kath? Let's go? Ang daming jologs dito! Sari-sari na yung smell ng tao!

Mag-aalangan si Kathleen. Nagtatalo ang loob. Napapaisip kung tama ba ang desisyon niyang pumunta sa EDSA. Mapapatingin si Kathleen sa estudyanteng hinimatay, na ngayon ay unti-unti nang nagkakamalay at pinapainom ng tubig ng mga kasama.

KATHLEEN
(to Margaux)
Uuwi ka na? Paano?

MARGAUX
I will call my driver na. Magpapasundo na ako. Sabay ka?

Hindi sasagot si Kathleen. Margaux gets her phone, tatawagan ang driver, pero walang makuhang signal.

MARGAUX (CONT'D)
Gosh. Walang signal

Itataas ni Margaux ang phone, maghahanap ng signal na masasagap.

MARGAUX (CONT'D)
There! Hello, Manong? Manong? Can you hear me? Hello? Manong?

Maglalakad si Margaux para makasagap ng mas malakas na signal.

MILES
(kay Kathleen)
Wiwiwi ako. Gusto mo sumama?

Titingin si Miles sa paligid, maghahanap ng CR.

MILES (CONT'D)
Parang may nakita akong portalet doon. Tara?

Maglalakad si Kathleen at si Miles papunta sa kung saan may naka-set up na mga portalet.

7 EXT. EDSA ROAD - SAME DAY

Sa isang area kung saan may mga streetfood vendors at iba't ibang cart ng fishballs, banana cue, samalamig, etc, kasama ni Joma ang mga kaibigan.

JOMA'S FRIEND
Uy! Fishballs. Joma - gusto mo?

Kukuha ng stick ang kaibigan ni Joma at tutusok ng fishballs na niluluto sa kawali. Dudukot si Joma ng barya sa bulsa niya. Magbibilang ng barya. Ibabalik ang pera sa bulsa.

JOMA
Busog pa ako. Salamat.

Lalapitan niya ang mga kasamang nagsasawsaw na ng fishball on stick sa sauce.

Mapapalunok si Joma. Gutom na rin siya pero ayaw niyang gumastos.

JOMA'S FRIEND
Ayaw mo ba talaga?

JOMA
'tol, di ba kahapon, may namimigay ng tinapay? Tinapay saka sopas. Natatandaan ko, ganitong oras din yun. Hindi ko napansin. Ubos na kaya?

JOMA'S FRIEND
Baka lumipat sila ng puwesto. Sa mall kanina, nakita ko, may libreng biswit.

Mapapatingin si Joma sa area ng Robinson's Mall. Mapapaisip si Joma.

8 EXT. ROWS OF PORTALETS, EDSA - SAME DAY

Sa area kung saan may naka set up na portalets, nakapila si Kathleen at si Miles.

May mahabang pila ng mga taong gustong mag-CR. Halo-halo na ang babae at lalaki sa pila.

Nakapila si Kathleen sa gitnang portalet. Si Miles naman, nasa kanan na portalet nakapila.

Sa tuwing bumubukas ang portalet at may lalabas o papasok, umaalingasaw ang nakakasulasok na amoy galing sa loob. Takip si Kathleen at Miles sa ilong nila.

KATHLEEN
Iisa lang ang CR ng girls and boys? Parang ayoko na lang mag-wiwi. Okay lang, titiisin ko na lang.

MILES
Kaya mo? Two hours pa tayo dito.

Mapapaisip si Kathleen sa sinabi ni Miles.

MILES (CONT'D)
Saka, buti na yung ngayon tayo mag-CR. Kesa mamaya, mas maraming tao, mas maraming gumagamit ng portalet.

KATHLEEN
Wala bang flush? Bakit ang baho?!

MILES
Nakapag-portable toilet ka na ba?
Walang flush ang portalet!

Shocked si Kathleen.

KATHLEEN
Whaaat? Paano kung may poo-poo?

Halos masuka si Kathleen sa maiisip. Parang gusto na umatras.

KATHLEEN (CONT'D)
Sa mall na lang kaya tayo mag CR?

MILES
Mas mahaba ang line doon. Tayo na
ang next o - okay na iyan.

May isang babaeng naka corporate clothes, high heels, blazer, naka make up ang mag-a-attempt pumasok sa kaliwang portalet. Biglang masusuka. Halos bumaligtad din ang sikmura ni Kathleen, tatakpan ang bibig para pigilan ang sariling huwag masuka.

Lalabas ang taong nasa gitnang portalet kung saan nakapila si Kathleen. Dalawang kamay na ang itatakip ni Kathleen sa ilong at sa bibig. Bubuksan niya ang pinto ng portalet.

Mapapatingin si Kathleen sa toilet bowl sa loob ng portalet.

9 INT. LABAS NG CR, MALL - SAME DAY

Kathleen is in queue sa CR inside Robinsons Mall. She's at the end of the line pero mabilis din ang dating ng mga gustong mag-CR. In front of Kathleen, may 20 to 30 na nakapila.

Habang nakapila si Kathleen, we see Joma na dumadaan while eating biscuits na nakuha niya ng libre! Uubusin muna ang biskwit bago pumasok sa CR ng lalaki.

Ihing-ihi na si Kathleen. Mamimilipit na dahil ihing-ihi na siya pero papanindigan niya ang naging desisyon na di gumamit ng portalet at dito magsi-CR sa mall.

After a few beats, lalabas mula sa CR ng lalaki si Joma at makikita si Kathleen. He remembers her as someone na naka-encounter niya earlier. There's something about her na hindi niya ma-explain why he is drawn to her.

JOMA
Miss - gusto mo dito?

Turo si Joma sa CR ng lalaki. Kathleen is horrified and offended.

KATHLEEN
(horrified and offended)
Excuse me???

Kathleen thinks gusto siyang dalhin ni Joma sa Men’s CR. She feels insulted.

JOMA
Baka gusto mong dito mag-CR. Walang gaanong tao. Babantayan kita.

KATHLEEN
No, thanks!

JOMA
Sigurado ka? Kapag umalis na ‘ko, wala ka ng chance.

May lalabas na isa pang babae from men’s CR. Relieved. Mapapaisip si Kathleen.

KATHLEEN
Puwede ba talaga kami diyan? Walang magagalit? Safe ba?

JOMA
May mga cubicle naman sa loob. Puwede kitang eskortahan papasok.

Kinakabahan man at nahihiya, papasok si Kathleen sa CR ng lalaki.

10 INT. CR, MALL - SAME DAY

I-eskortan ni Joma si Kathleen to make sure na walang gumagamit ng urinals habang pumapasok silas. Takip si Kathleen ng ilong. Mapapansin ito ni Joma.

JOMA
Medyo mapanghe nga lang.

Papasok si Kathleen sa isang cubicle. Nakabantay naman si Joma sa labas ng cubicle ni Kathleen. Relieved si Kathleen. Ang laking ginhawa sa pakiramdam.

KATHLEEN
(pabulong)
Oh my God -- Thank you, Lord!

May mga pumapasok na lalaki para umihi sa urinal. Magbibigay ng babala si Joma.

JOMA
(to Kathleen)
Huwag ka munang lalabas. May umiihi pa dito -

Sa loob ng cubicle, itaas na ni Kathleen ang panty niya at maghihintay.

KATHLEEN
Puwede na ba?

JOMA
May tao pa.

Pero sunod-sunod ang pasok ng mga lalaki sa CR. Maiinip na si Kathleen sa loob ng cubicle.

KATHLEEN
Hindi pa rin puwede? Stop them muna. Tell them not to go inside!

JOMA
(chuckles)
Ano to, martial law?

Bubuksan ni Kathleen ang pinto, ilalabas ang ulo, sisilip.

KATHLEEN
Can I go now?

Ituturo ni Joma ang isang lalaki na umiihi sa urinal. Magpupumilit si Kathleen na lumabas, tatakpan ang mata at magmamadaling lumabas ng cubicle. Mangingiti si Joma habang kinakapa ni Kathleen ang daan palabas ng banyo. Gagabayan ni Joma si Kathleen, hahawakan. May mababangga pa si Kathleen na lalaking umiihi sa urinal.

JOMA
Ooops.

KATHLEEN
Sorry.. Sorry.

Pero magi-giggle si Kathleen, pakiramdam niya may nagawa siyang kapilyahan. Habang hinahanap ang daan palabas sa CR.

11 INT. MALL - SAME DAY

Naglalakad na si Kathleen at si Joma sa loob ng mall, tuwang-tuwa si Kathleen. Hindi mapigilan na hindi matawa. Hindi makapaniwala sa nagawa.

KATHLEEN
Who would have thought na papasok ako sa CR ng boys. Wait till I tell my friends about this.

Matitigilan si Kathleen, may ibang maiisip.

KATHLEEN (CONT'D)
Kapag nalaman ng Mama ko yung ginawa ko, she'd go ballistic.

Mapapatingin si Kathleen kay Joma, magpapaliwanag.

KATHLEEN (CONT'D)
Ballistic. It means -

JOMA
(interrupts Kathleen)
Alam ko ang meaning ng ballistic. Hindi lang halata sa itsura ko.

Joma chuckles. Kathleen smiles, apologetic.

KATHLEEN
Sorry. Pero - Salamat. In one day, dalawang rules na ang nabi-break ko. Una, mag cut ng classes para mag EDSA. Pangalawa, pumasok sa CR ng boys para mag-wiwi.

Joma indulges Kathleen.

JOMA
Congratulations. Para sa bayan. At para sa pantog.

KATHLEEN
(malilito, hindi maintindihan)
Para sa what?

JOMA
Pantog. Ah...

Hirap si Joma ipaliwanag kung ano ang pantog. Ituturo na lang ang puson.

KATHLEEN
Ooooh. Bladder!

JOMA
Ayun. Bladder! Alam ko rin yun - nakalimutan ko lang. Pero yung pantog, hindi ko makakalimutan. Sabi ng teacher ko noong grade two, dalawang parte ng katawan daw ang hindi nating kayang kontrolin - yung puso at yung pantog. Kapag pinigilan mo raw, sasabog sa loob.

KATHLEEN
Buti nga kayo puwede niyong gawin nang nakatayo. Kahit saan, kahit may mga kasama kayo.

JOMA
Ayos ah. Ngayon lang tayo nagkakilala, pantog at ihi na ang pinag-uusapan natin. Close na ba tayo?

KATHLEEN
(chuckles)
Sumama ako sa'yo sa loob ng CR. Kung hindi pa ba tayo close noon, anong klaseng babae ako?

Matatawa si Kathleen, iaabot ang kamay kay Joma.

KATHLEEN (CONT'D)
Kathleen. Kath na lang. Taga Miriam.

Turo si Joma sa uniform ni Kathleen.

JOMA
Nabasa ko nga. Joma.

Tatanggapin ni Joma ang kamay ni Kathleen. Matatawa si Kathleen.

KATHLEEN
Joma? Your name is Joma? Pinangalan ka kay Joma Singson?

JOMA
(corrects Kathleen)
Sison. Joma Sison. Yung founder ng Communist Party of the Philippines.

KATHLEEN
(palusot)
Yun nga. That’s what I meant - So, you’re named after him?

JOMA
Jonathan talaga ang pangalan ko. Jonathan Mangahas. Tinawag lang nila akong Joma noong nag LFS ako.

KATHLEEN
Taga UP?

JOMA
PUP. (magbibiro) Philippine University of the Philippines.

Kathleen giggles. Saka lang nila mapapansin na magkahawak pa rin sila ng kamay. Sabay nilang aalisin ang mga kamay nila. A friendship is sealed between them.

12 EXT. NEAR EDSA SHRINE - SAME DAY

Makakalabas na sa mall sina Kathleen and Joma.

Mas marami ng tao ngayon. Hindi lang mga estudyante. May mga yuppies na rin. Naka polo and slacks ang mga lalaki. Naka corporate attire ang mga babae. Mga professionals. Lahat may hawak na cellphone na hindi naman nagagamit dahil hirap makakuha ng signal.

JOMA
Nasan na yung mga kasama mo?

KATHLEEN
Dito ko lang sila iniwan.

Lilingon. Maghahanap. Maglalakad ng ilang hakbang pero babalik din kay Joma.

KATHLEEN (CONT’D)
Ang sabi nila, hihintayin nila ako dito.

JOMA
Sigurado kang dito kayo magkikita? Dito mo sila iniwan?

KATHLEEN
Basta may poste yun.

Lingon si Kathleen sa paligid, realizes maraming poste sa paligid. Kukunin ni Kathleen ang phone niya.

CLOSE UP SA PHONE SCREEN NI KATHLEEN

“D2 na me. Wr u?”

Pero nang i-send niya, lalabas ang “Message not sent” at “Check Operator Services”

Susubukan ni Kathleen na tawagan ang mga kaibigan. Pero wala pa ring signal. Itataas niya ang telepono, umaasang may masasagap na connection. Mafu-frustrate.

KATHLEEN (CONT’D)
Hanapin ko na lang sila.

Tatango si Joma. Magpapaalam kay Kathleen.

JOMA
Sige -

Babalik na sana si Joma sa area nila pero bigla siyang hahawakan ni Kathleen.

KATHLEEN
Wait. Samahan mo ako.

JOMA
Ha?

KATHLEEN
Help me find them.

Bakas na ang takot at kaba sa mukha ni Kathleen, mangiyak-ngiyak.

KATHLEEN (CONT’D)
Please?

JOMA
(tatango)
Sandali. Dito ka lang.

Iiwan sana ni Joma si Kathleen pero hihigpit ang kapit sa kanya ni Kathleen.

KATHLEEN
Huwag mo akong iwan, please. Ikaw lang ang kakilala ko dito.

Maluluha na si Kathleen. Feeling lost and alone and hopeless. She hangs on to Joma like a lifeline.

JOMA
O, huwag kang iiyak. Magpapaalam lang ako sa mga kasama ko. Babalikan kita.

KATHLEEN
Sasama ako sa'yo.

Lalong hihigpit ang kapit ni Kathleen kay Joma.

13 EXT. EDSA ROAD - SAME DAY

Maglalakad si Kathleen at Joma sa isang lugar na mas maingay. Mas magulo. May mga naka-set up na tent ng mga aktibistang nagtitipon-tipon. Senyas si Joma kay Kathleen na tumayo lang siya sa isang corner habang lumalapit si Joma sa mga kasama.

Tuloy pa rin si Kathleen sa paghahagilap ng signal, send pa rin nang send ng text message. Pero sumusulyap siya kay Joma, na seryosong nakikipag-usap sa mga kasama. Maririnig natin ang mga sigaw ng mga aktibista sa paligid.

LEADER
Sobra na. Sobra na. Sobra nang pahirap.

OTHERS
Patalsikin si Erap!!!

LEADER
Sobra nang pahirap.

OTHERS
Patalsikin si Erap!!!

LEADER
Erap hoodlum!

OTHERS
Erap resign!

Itataas nila ang kamay nila. Naka-kuyom ang palad. Ang iba, nagta-thumbs down na sign habang nagcha-chant.

Hindi sanay si Kathleen sa ingay, nagugulat pa rin siya kapag may sumisigaw sa tabi niya.

Habang tuloy ang sigawan sa paligid ni Kathleen, at seryosong nakikipag-usap si Joma sa mga kasama, may isang tibak na babaeng lalapit kay Joma. Ito si ELLA. Malambing si Ella kay Joma. Kakapit si Ella sa braso ni Joma habang nagpapaliwanag si Joma sa mga kasama.

May lingon pa si Ella kay Kathleen, masama ang tingin. Susubukan ni Kathleen na huwag pansinin si Ella at si Joma. Ipagpapatuloy ang pagkontak sa mga kaibigan.

Magpapaalam na si Joma sa mga kasama.

JOMA
Babalik ako agad. Sasamahan ko lang siya.

Lingon si Joma kay Kathleen.

ELLA
(magbibiro/sarcastic)
Di ko alam na yaya ka na pala ngayon.

JOMA
Mukhang hindi sanay sa ganito. Nahiwalay pa sa mga kaibigan. Umiyak na nga kanina.

ELLA
Bilisan mo. Baka hanapin ka --

Tatango na lang si Joma at iiwan na si Ella. May isang matalim na tingin pa si Ella kay Kathleen nang lapitan ito ni Joma.

JOMA
(to Kathleen)
Tara?

14 EXT. NEAR EDSA SHRINE - SAME DAY

Magsisimula nang maglakad si Joma at si Kathleen palayo sa mga kasama ni Joma, palayo sa mga aktibistang sumisigaw.

KATHLEEN
Ikaw ba ang leader nila?

JOMA
(chuckles)
Wala naman kaming leader. Pantay-pantay lang kami.

KATHLEEN
Lagi niyo bang ginagawa ito?

JOMA
Ang mag-rally? Oo. Pangatlong araw na namin dito sa Edsa.

KATHLEEN
Walang uwian?

JOMA
Umuuwi naman yung iba. Yung iba, dito na natutulog. Sanay na kami.

KATHLEEN
As in rally lang kayo nang rally? Sa streets?

JOMA
Kung saan-saan. Sa kalye. Sa harap ng US Embassy. Sa harap ng mga ahensya ng pamahalaan na kailangan kalampagin.

KATHLEEN
May nangyayari naman? As in there's result? Or positive outcome?

Hindi agad makasagot si Joma, mapapaisip.

KATHLEEN (CONT'D)
Hindi ba nakakapagod? Rally kayo nang rally, tapos - wala rin naman nangyayari.

JOMA
Ikaw. Bakit ka andito ngayon?

KATHLEEN
First time kong mag-rally. Actually, hindi naman daw 'to rally sabi ni Miles, yung nag-invite sa akin dito. Prayer vigil lang daw. Sumunod lang kami sa sinabi ni Cardinal Sin. Hindi nga sana ako sasama. Napilitan lang ako.

JOMA
Para sa bayan?

Mag-aalangang sumagot si Kathleen. Pero mapipilitang magsabi ng totoo.

KATHLEEN
No. Para sa adventure. Nainggit lang ako sa mga friends ko kaya sumama ako sa kanila. May gagawin silang exciting. Ayokong maiwan sa campus.

JOMA
Pero alam mo naman kung bakit andito ang mga tao ngayon sa EDSA?

KATHLEEN
(magyayabang)
Oo naman. Dahil sa envelope na ayaw ipa-open ng mga senators. Because of that, mukhang mababalewala ang impeachment trial ni Erap.

JOMA
Nagsimula lang ang rally dito sa Edsa noong Martes. Noong araw na nanalo ang No na boto sa Senado. Kokonti lang kami noon. May nag-text blast lang, tapos, nagkita-kita na kami dito. Sabi nila, People Power 2 na raw. Pero noong madaling araw, napagod din ang mga tao. Nagutom. Inantok. Kaya nagsipag-uwian din. Pero nangakong babalik kinabukasan.

Ngiti si Joma kay Kathleen, parang may sense of accomplishment.

JOMA (CONT'D)
Noong unang gabi namin, kami-kami lang. Mga Tibak. Pero noong sumunod na araw, nag-walk out na yung mga empleyado sa Makati at Ortigas. Nag boycott ng klase yung mga estudyante. Kahit sa ibang lugar - sa Visayas at sa Mindanao, nagpo-protesta na rin. Pati mga negosyante at mga executives, mga abogado, pati mga Senador. Pangatlong gabi ko na rito. At sa tuwing nakakaramdam ako ng pagod, ng gutom, ng antok, iniisip ko na lang, mas marami nang sumasama sa amin ngayon. At ang layo na nang narating namin. Ilang buwan na rin kaming nagpoprotesta para patalsikin si Erap. Parang ito na yung kulminasyon. Hindi na kami nag-iisa.

KATHLEEN
I remember Chavit's expose against Erap last year.
(MORE)

KATHLEEN (CONT'D)
Yung sa jueteng and casino. Doon kayo nag-start mag-rally against Erap?

JOMA
Bago pa yung expose ni Chavit, alam na namin na tinatarantado na tayo. Yung sinasabi niyang Erap para sa Mahirap? Kalokohan yun! Binalewala niya ang panawagan ng mga manggagawa na taasan ang suweldo. Pinirmahan niya ang Visiting Forces Agreement. At ang pinakamalala, mas pinalawak niya ang globalization policies sa halip na harangan o baguhin.

KATHLEEN
Ooooh. Talaga? Hmmm.

Tumatango si Kathleen, sunod-sunod na tango, pero kita sa mukha niya na hindi niya naiintindihan ang mga sinabi ni Joma. Mapapansin ito ni Joma.

JOMA
(matatawa)
Wala kang idea kung ano ang mga sinasabi ko, no?

Mahihiya si Kathleen.

KATHLEEN
Sorry. Hindi talaga ako mahilig sa politics.

JOMA
Pero hindi naman politika lang yun. Kalagayan ng bansa natin yun.

KATHLEEN
Hindi ko naintindihan lahat nang sinabi mo pero updated naman ako sa impeachment case. At kilala ko yung Spice Boys sa Congress.

Matatawa si Joma. Habang proud naman si Kathleen sa konting alam niya.

KATHLEEN (CONT'D)
Ang cute kaya ni Miguel Zubiri!

Mararamdaman ni Kathleen na disappointed si Joma sa kanya, iibahin ang usapan.

KATHLEEN (CONT'D)
Naalala ko lang, a few years ago, may dinner sa bahay yung mga friends nina Mama at Papa. Nag-uusap-usap sila. Sabi noong Ninang ko, kapag daw nanalo si Erap na President, aalis sila ng bansa. Doon na raw sila titira sa Canada.

JOMA
Buti pa sila, may ganoong option. Kapag ayaw nila sa gobyerno, puwede silang umalis. Pero para sa mga tulad namin, tiis-tiis na lang, o kaya, rally-rally na lang.

KATHLEEN
Pero hindi rin sila nakaalis. Na-deny yung visa nila. I wonder kung anong ginagawa nila ngayon? Andito rin kaya sila sa EDSA?

JOMA
Maraming gustong mag-abroad noong nanalo si Erap. Kami, hindi man kami makaalis, yung nagpapahirap na lang sa amin ang susubukan naming paalisin. Nagsimula akong sumama sa rally dahil kay Erap.

KATHLEEN
Buti hindi nagagalit ang parents mo na lagi kang nagra-rally, no? Buti pinapayagan ka nila.

JOMA
Hindi ko naman kailangan magpaalam sa kanila.

KATHLEEN
At okay lang sa kanila yun?

JOMA
Hindi. Pero wala naman silang magawa. Noong nag-college ako, ang una kong inisip, maka-tapos agad, para magkatrabaho at magkaroon ng pera. Pero mula noong nanalong Presidente si Erap, nagbago ang plano ko. Fourth year na dapat ako this sem pero dahil sa kakarally ko -- heto, second year college pa din. Laging nada-drop out.

KATHLEEN
Buti ka pa -

JOMA
Dahil lagi akong drop out?

KATHLEEN
Malaya kang gawin ang gusto mo. Kapag kailangan mong sumama sa rally, puwede mong gawin kahit anong oras. Ako, kailangan ko pa iconsult sa Mama ko ang lahat ng gagawin ko. Course ko nga, parents ko ang pumili. Mula sa damit na isusuot ko, lugar na pupuntahan ko, pati mga kaibigang sasamahan ko, lahat nakadepende kay Mama. O kay Papa.

Pipilitin ni Kathleen na ngumiti, na gawing light ang sitwasyon pero may lungkot sa mga mata niya, hindi maikakailang naiinggit siya kay Joma.

KATHLEEN (CONT'D)
At papatayin ako ni Mama kapag nalaman niyang andito ako ngayon (Matatawa). Alam ko na sasabihin noon--

Buweldo si Kathleen, gagayahin ang boses ng ina.

KATHLEEN (CONT'D)
(mimics mother's voice)
Kung alam ko lang na sasama ka sa rally, sana tinakpan na kita ng unan noong baby ka pa!

Pero mapapalitan ng takot ang nararamdaman ni Kathleen, lingon sa paligid.

KATHLEEN (CONT'D)
May payphone ba dito?

15 I/E. ROWS OF STORE NEAR EDSA SHRINE - SAME DAY

Sa mga stalls/stores sa tapat ng Robinsons Mall, Kath is calling sa pay phone (landline).

KATHLEEN
Hello, Yaya? Andyan na ba si Manong? Puwede ko makausap?

Habang hinihintay ni Kathleen ang driver na tinawag muna ng Yaya, lilingunin niya kung saan niya iniwan si Joma. Hindi niya ito makikita.

Mag-aalala si Kathleen, torn kung ano ang gagawin, kung ibababa ang telepono para hanapin at habulin si Joma, o hihintaying makausap ang driver.

Hahanapin ni Kathleen si Joma habang hawak pa rin ang telepono. Makakaramdam ng relief nang makita niya si Joma, ilang metro ang layo mula sa kanya. Humahaba ang leeg ni Joma, may tinatanaw sa malayo. Nakangiti si Joma.

KATHLEEN (CONT'D)
(on the phone)
Manong? Manong... Huwag mong sabihin kay Mama ha. Pakisundo ako. Ngayon na. Hindi. Wala ako sa campus. Please, huwag mong sasabihin kay Mama. Sa Robinsons Galleria mo ako sunduin. Walang signal dito, Manong. Hindi mo ako matatawagan o mati-text. At matrapik sa EDSA so pick me up sa likod ng Galleria. Sa may Friday's. Doon tayo magkita in an hour.

Ibababa na ni Kathleen ang telepono, saktong lalapitan siya ni Joma. Nakangiti pa rin si Joma, parang kinikilig.

JOMA
Nakita ko si Claudine.

KATHLEEN
Sino?

JOMA
Si Claudine! Claudine Barretto! Mas maraming artista ngayon kesa kahapon. Kagabi, nagsalita si Nora Aunor sa stage. Nagwithdraw na siya ng suporta kay Erap. Kahit magkaibigan sila, pati siya, nanawagan na kay Erap na mag-resign na. Tapos ngayon lang, nakita ko si Claudine. Kasama niya yung Ate niya. Dumaan sila sa harapan ko. Kaya, sinundan ko.

May maaalala si Joma.

JOMA (CONT'D)
Nakatawag na sa bahay niyo?

KATHLEEN
Yup. Sinabi ko na sa driver kung saan niya ako susunduin. Thank you ha. Thank you at sinamahan mo ako.

JOMA
Kung hindi kita sinamahan, hindi ko makikita si Claudine! Halika, hanapin na natin mga kaibigan mo.

KATHLEEN
Huwag na lang, di bale na. Uuwi na rin naman ako. Mas gusto ko na lang kumain. Bilang pa-thank you sa'yo, lika, kain tayo sa loob? Libre kita!

JOMA
Hindi ko tatanggihan iyan. Biskwit lang ang kinain ko buong araw.

KATHLEEN
Ako rin. Nagre-rebolusyon na yung tiyan ko. Baka kinakain na ng malaking bituka yung maliit na bituka ko.

JOMA
(matatawa)
Sinasabi rin pala iyan ng mga mayayaman? Ang akala ko kami lang ang naniniwala sa ganyan -

KATHLEEN
Bakit ano ba tingin mo sa amin, walang bituka?

Matatawa si Joma sa sinabi ni Kathleen, sabay silang maglalakad papunta sa Robinsons Mall.

16 INT. MALL - SAME DAY

We see Kathleen and Joma walking sa mall. Parang batang tumitingin si Kathleen sa paligid at tuwang-tuwa sa bawat makita. Amused.

KATHLEEN
Ngayon lang ulit ako nakapasok sa Mall.

JOMA
Seryoso?

KATHLEEN
Di ba, last year, sumabog yung Glorietta. Tapos, the following week, yung Megamall. Nagka-stampede. May mga namatay. Wala na, bawal na ako mag mall.

JOMA
Kung bawal ka mag-mall, saan kayo nagdi-date ng boyfriend mo?

KATHLEEN
(chuckles)
Wala akong boyfriend. Mag mall nga, bawal. Magka-boyfriend pa kaya?

JOMA
Bunso ka ba? Mukha kang bunso.

KATHLEEN
Mukha akong spoiled brat?

JOMA
Ikaw nagsabi niyan.

KATHLEEN
Grabe kayo sa bunso. Spoiled agad? Pampered? Alagain?

JOMA
(magbibiro)
Iyakin.

KATHLEEN
Ikaw? Panganay ka ba? Middle child?

JOMA
Hindi ako mukhang bunso?

KATHLEEN
Sure akong hindi ka bunso.

JOMA
(matatawa)
Pang apat ako. Lima kami. Puro lalaki. Puwedeng pang basketball team. Tapos yung mga Kuya ko, ang laki ng katawan. Mga bully pa. Noong bata kami, ako ang lagi nilang pinagti-tripan. Sakitin kasi yung bunso. Kaya paborito ng Nanay ko. Hindi puwedeng awayin.
(MORE)

JOMA (CONT'D)
Minsan, sinubukan ng kuya kong agawan ng pagkain yung bunso - ayun, pinaluhod ni Nanay sa monggo.

Matatawa si Joma sa memory.

JOMA (CONT'D)
Kaya ako na lang binu-bully ng mga Kuya ko! Tag team sila. Kailangan kong maging matapang. Kailangan maging palaban. Bawal maging lampa. Bawal maging duwag. Kaya itong rally? Mani-mani lang sa akin 'to! Mas bayolente pa ang mga Kuya ko!

Hindi alam ni Kathleen kung maaawa o matatawa sa kuwento ni Joma.

Makakasalubong nila si Inigo at isang kaibigan.

INIGO
Kath! Miles was looking for you. Nagkita na kayo?

KATHLEEN
Nasan sila?

INIGO
I saw them at the third floor. Sa may Zagu.

May tingin si Inigo kay Joma, magtataka kung sino itong kasama ni Kathleen. At bakit siya kasama ni Kathleen.

KATHLEEN
Sige, thank you! Bye! (kay Joma) Tara.

JOMA
Punta ka na sa kanila?

KATHLEEN
Hindi na. Baka wala na rin sila doon. Saka - ililibre pa kita, di ba? Kakain pa tayo -

JOMA
Huwag na. Okay lang ako. Kanina mo pa sila hinahanap, di ba?

KATHLEEN
Makikita ko pa naman sila bukas.

Matitigilan si Kathleen, may mari-realize.

KATHLEEN (CONT'D)
Wait. Gusto mo na ba ako sumama sa mga friends ko para makabalik ka na sa girlfriend mo?

JOMA
Girlfriend? Sinong girlfriend?

KATHLEEN
Yung kasama mo kanina. Yung naka-green. Tapos kulot yung hair.

JOMA
Si Ella.

KATHLEEN
Buti hindi siya selosa, no? Buti pumayag siyang samahan mo ako.

JOMA
Hindi ko girlfriend si Ella. Buddy ko lang yun.

KATHLEEN
Buddy?

JOMA
Sa mga rally siya ang lagi kong buddy. Tropa ko yun. At di ako nagmamadaling bumalik sa kanila. Mas gusto kong matikman ang libre mong merienda.

KATHLEEN
(giggles)
Mcdo or Jollibee? Ano gusto mo?

JOMA
Anong pinakamalapit. Gutom na ako.

KATHLEEN
Ito. Walang pila dito.

JOMA
Pwede akong mag Burger saka Large Fries?

KATHLEEN
Orderin mo kahit ano.

JOMA
Cheeseburger. Coke. Large fries.

KATHLEEN
Yun lang? Mahina ka pala.

JOMA
Nakakahiya.

KATHLEEN
Minsan lang ‘to. Sige na, orderin mo lahat ng gusto mo.

JOMA
Fried chicken. Spaghetti. Extra rice. Ikaw, ano kakainin mo?

Kathleen opens her bag, she gets worried.

KATHLEEN
Shucks. Yung wallet ko -

Hahalungkatin ni Kathleen ang bag para hanapin ang wallet. Ilalabas ang mga gamit para masigurong hindi natatambakan ng ibang gamit ang wallet niya. Tutulungan siya ni Joma sa hawakan ang mga gamit na nilalabas mula sa bag..

17 EXT. ROWS OF STORE NEAR EDSA SHRINE - SAME DAY

Babalikan ni Kathleen at Joma yung area where she last had her wallet with her -- kung saan siya tumawag sa landline.

KATHLEEN
Ate, andito ako kanina. Tumawag sa payphone. May nakita ba kayong wallet? Kulay blue.

Iling ang nagbabantay sa tindahan. Kathleen turns to a sidewalk vendor.

KATHLEEN (CONT’D)
Kuya, may napansin ba kayong wallet dito? Hindi ko ba nalaglag? Wala bang nagsoli?

Mangiyak-ngiyak na si Kathleen. Lalapitan siya ni Joma.

JOMA
Sigurado ka bang dito mo huling nakita?

KATHLEEN

Hawak ko pa siya kanina bago ako tumawag. Sure ako doon. Either naiwan ko sa tindahan, or maybe, nalaglag ko?

She is starting to lose hope na mahahanap niya ang wallet niya. Tingin si Joma sa bag ni Kathleen.

JOMA

Walang zipper yung bag mo. Baka hindi mo napansin na nadukutan ka na? Baka habang naglalakad tayo papunta sa mall? O sa mall na mismo?

Build up ang frustration kay Kathleen, mapapaupo sa sidewalk.

KATHLEEN

Hindi ba kaya nandito ang mga tao kasi galit tayo kay Erap? Dahil nagnakaw siya? Tapos... magnanakaw ka ng wallet ng iba?

JOMA

Hindi lahat nang sumama sa prusisyon sa Quiapo ay mga deboto ng Nazareno. Hindi lahat nang andito ay galit sa magnanakaw. Tiba-tiba ang mga mandurukot kapag siksikan ang mga tao. Parang buffet 'to sa kanila.

Sa sinabi ni Joma, unti-unting mari-realize ni Kathleen na nadukutan nga siya. Muling maiiyak.

KATHLEEN

Limited edition Coach yun. Wala kang mabibilhan na ganoon sa mga PX goods here. Graduation gift ni Mama yun sa akin last year. Andoon yung mga ID ko. Yung mga grad pics ng friends ko. Yung mga cards.

Iiyak na parang bata si Kathleen, isusubsob ang mukha sa tiniklop na mga braso, sa ibabaw ng tuhod.

KATHLEEN (CONT'D)

Sana hindi na lang ako pumunta dito. Sana nagpaiwan na lang ako sa campus. Sana, naniwala ako kay Margaux. This is the worst day of my life!

Tatabihan ni Joma si Kathleen, maghahanap ng paraan para ma-comfort ito, para aliwin, para patahanin.

JOMA
Okay lang iyan. Wallet lang iyan, kayang palitan.

Pero lalong maiiyak si Kathleen, mas lalakas ang atungal.

JOMA (CONT'D)
Huwag ka nang umiyak, pinagtitinginan na tayo ng mga tao. Baka akala nila, anong ginawa ko sa'yo.

Titingala si Kathleen, titingin sa paligid, mapapansin na pinagtitinginan nga sila ng mga tao. Susubukang pakakalmahin ang sarili.

JOMA (CONT'D)
Isipin pa nila, syota mo ako at bini-break-an kita.

KATHLEEN
Ikaw talaga ang nakipag-break?

JOMA
Ikaw yung umiiyak eh.

Pagagaanin ni Joma ang sitwasyon, tatayo.

JOMA (CONT'D)
Alam ko kung anong magpapasaya sa'yo.

Iaabot ang kamay kay Kathleen para alalayan itong tumayo.

Aabutin ni Kathleen ang kamay ni Joma. May kuryenteng mararamdam si Kathleen kaya mabilis niyang babawiin ang palad.

KATHLEEN
Saan?

18 EXT. EDSA ROAD - SAME DAY

Lapit si Joma at Kathleen sa sorbetero na kumakalembang ng bell, habang nakatigil ang kariton ng dirty ice cream.

JOMA
Ako na lang manlilibre sa'yo pero ice cream lang ha.
(MORE)

JOMA (CONT'D)
Alam ko kasi, kapag malungkot kayo, ice cream ang nagpapasaya sa inyo.

KATHLEEN
(mag-aalangan)
Noong huling kumain ako ng dirty ice cream, nagka-amoebiasis ako.

JOMA
(magbibiro)
Okay 'to. Mura na, madumi pa.

Mapapangiti si Kathleen sa sinabi ni Joma.

Kukunin ni ni Kathleen ang ice cream at didilaan.

JOMA (CONT'D)
Gusto mo ba ng fishballs? Ka-partner ng ice cream?

Hindi sasagot si Kathleen, mahihiya. Pero masi-sense ni Joma na gusto ni Kathleen ng fishballs. Dudukot si Joma ng barya sa bulsa, magbibilang.

KATHLEEN
Wala kang ice cream?

JOMA
Hindi ako mahilig sa ice cream. Saka, kanina pa ako sigaw nang sigaw. Baka mamaos ako.

Tuloy si Joma sa pagbilang ng barya. Iiwan ni Joma si Kathleen para bumili ng fishballs.

Babalikan ni Joma si Kathleen, aabutan ng fishballs.

JOMA (CONT'D)
Sorry, iyan lang ang malilibre ko sa'yo. Gutom ka pa ba?

KATHLEEN
Okay lang. Pauwi na rin naman ako -

JOMA
Gusto mong hintayin na natin yung driver mo sa likod?

KATHLEEN
Hanggang gabi ka pa rito? Hindi ka pa uuwi?

JOMA
Hanggang bukas pa. Hanggat may tao dito sa EDSA, walang uuwi.

KATHLEEN
Paano ang food mo? May binibigay naman sila?

JOMA
Marami diyan. Maya-maya, kapag dumidilim na, may mga mamimigay na ng libreng pagkain. Mga volunteers. Libreng tubig. Sandwich. Kailangan mo lang hanapin kung saan sila pumupwesto kasi sa dami ng tao rito, wala pang 10 minutes, ubos na agad yun. Minsan suwertehan na rin lang eh. Gusto mong maglakad-lakad? Check natin kung may namimigay na ng pagkain. Malay mo - may lechon.

KATHLEEN
(magbibiro)
Lechon manok o lechon baboy?

JOMA
Lechon baka. Para mas sosyal.

KATHLEEN
Steak, wala?

JOMA
Alam mo ba yung kuwento na kumain ng steak sa 5-star hotel si Erap at ang mga bodyguards niya? Hindi pa siya Presidente noon. Tapos dumating na yung bill. Chineck ni Erap. Tinawag niya ang waiter.

Gagayahin ni Joma ang boses ni Erap.

JOMA (CONT'D)
Waiter! Bakit ang mahal ng bill namin? Kokonti lang naman ang inorder namin. Bakit umabot ng 20 thousand? Sabi ng waiter, “Sir, mahal po talaga kasi ang binabayaran niyo yung ambiance.
(MORE)

JOMA (CONT'D)
Tumango lang si Erap at sinabing, "I see." Binayaran niya pero noong nakalabas na sila ng restaurant, pinagalitan ni Erap ang mga bodyguard niya, ang sabi niya, "Sino sa inyo ang umorder ng ambiance."

Tingin si Joma kay Kathleen, checks kung natawa ito sa joke. Ngiti lang si Kathleen. Magjo-joke ulit si Joma.

JOMA (CONT'D)
Ito, Presidente na si Erap nito. Sumama siya sa mga sundalo na sinugod ang kuta ng MNLF. Sabi ni Erap sa mga rebelde, "Sumuko na kayo! Mag-ceasefire na tayo!" Ang sagot ng mga MNLF, "Susuko lang kami kapag nai-spell mo ng tama ang ceasefire." Sagot ni Erap, "Tuloy ang laban!"

Mapapansin ni Joma na hindi natatawa si Kathleen.

JOMA (CONT'D)
Ikaw, baka may baon kang Erap jokes.

Sandaling mapapaisip si Kathleen, mangingiti. Magkukuwento pero halatang hindi sanay mag-joke.

KATHLEEN
Kumakain si Erap kasama ang mga cabinet members niya. May nagtanong kung anong difference ng potato sa mashed potato. Sabi ni Erap, "Ito, (turo sa uniform niya) potato, ito naman (turo sa parte ng uniform na whiter ang kulay), mashed potato."

Matatawa si Kathleen sa sarili niyang joke.

Tatawa nang malakas si Joma. Pero mapapansin ni Kathleen na pinipilit ni Joma na tumawa.

KATHLEEN (CONT'D)
Eh di ikaw na - ikaw na ang expert sa jokes.

JOMA
Isang joke na kasi yung gobyerno natin.

May matatanaw si Joma mula sa malayo.

JOMA (CONT'D)
Ayun. May libreng sandwich yata doon. Tara, bilis!

Hihilahin ni Joma si Kathleen.

19 EXT. EDSA ROAD - LATER, NIGHT OF SAME DAY

Nakapila si Joma sa tapat ng isang fierra na namimigay ng free water and sandwich sa mga protesters. He gets the free snacks at lalapit kay Kathleen, tig-isa sila.

JOMA
Andyan na kaya yung driver mo? Gusto mo punta na tayo sa meeting place nyo?

Kathleen looks at her watch.

KATHLEEN
Sige -

They start to walk habang kumakagat si Kathleen ng sandwich. May maaalala.

KATHLEEN (CONT'D)
Wait. May isang Erap joke pa ako!

JOMA
Gustong bumawi! Parinig nga -

KATHLEEN
One day, pumunta si Erap sa doctor. Sabi ni Erap, "Doc, doc, I swallowed a bone." Tanong ng doctor, "Are you choking?" Sagot ni Erap, "I'm serious."

Matatawa si Joma, chi-check ni Kathleen kung totoong natatawa ba ito o umaakting lang.

JOMA
Kailangan mo lang pala kumain para makapag-joke nang maayos.

KATHLEEN
Nang-aasar ka ba?

JOMA
(sa tono ni Erap)
I’m serious.

Matatawa na sila.

Tuloy sila sa paglakad.

20 EXT. OUTSIDE ROBINSONS GALLERIA - SAME NIGHT

Nakaupo na sa labas ng mall sina Joma at Kathleen, hinihintay ang driver ni Kathleen.

KATHLEEN
Nasan na kaya yung mga friends ko? I wonder kung nakauwi na sila.

JOMA
Sasabihin mo ba sa Mommy mo na andito ka?

KATHLEEN
(chuckles)
Kahit hindi ko sabihin, malalaman din noon. Yung Mama ko, parang NBI yun kung maka-gather ng information.

JOMA
Ganoon yata yung mga magulang. Nakakaramdam sila kapag may masamang nangyari sa atin.

Mangingiti si Joma, may maaalala.

JOMA (CONT’D)
Iyong isang rally na napuntahan ko na nagka-gulo, yung akala ko mamamatay na ako, nahilo ang Nanay ko sa bahay. Parang kinutuban --

KATHLEEN
Muntikan ka mamatay sa rally?

JOMA
Bayolente ang mga pulis noon eh. Yung katabi ko, nahampas ng batuta. Bumulwak yung dugo sa noo. Pshooo! Naglabas pa ng baril yung isang pulis. Tinutok sa amin! Napakita pa nga yun sa TV! Ayun, habang nangyayari yun, nahilo si Nanay.
(MORE)

JOMA (CONT'D)
Biglang tumaas ang presyon nang walang dahilan.

KATHLEEN
Hindi ka natakot na mamatay?

JOMA
Hindi ko na naisip 'yun noong mga panahon na yun. Ang alam ko lang, kailangan may gawin ako para mailabas yung galit namin sa gobyerno.  Yung tanong mo kanina kung may nangyayari ba sa pagra-rally namin? Kung nakikinig ba sa amin ang gobyerno -- madalas hindi. Pero hindi porke hindi na sila nakikinig ay mananahimik na lang kami. Kapag tahimik tayo, iisipin ng gobyerno na sangayon tayo sa ginagawa nila.

KATHLEEN
Pero what if may masamang nangyari sa'yo sa rally... Hindi mo ba naisip ang parents mo? Yung Nanay mo?

JOMA
Anak ako ng bayan at bilang anak ng bayan, kailangan may gawin ako para sa bayan ko.

KATHLEEN
Yun lang ba ang only way? I mean, baka puwede naman ma-express yung disgust and disappointment sa government sa ibang paraan. Yung di kailangan maging bloody or violent. Magulo na nga ang bansa natin, tapos may mga ganyang rally pa?

JOMA
Hindi naman kami nagra-rally para manggulo. Hindi mali ang mag-rally. Kaya kami nagra-rally dahil may mali! Saka, hindi naman kailangan maging bayolente. Ang mga pulis lang naman ang gigil na gigil na manakit. Pero tama ka naman - may ibang paraan din naman para mailabas mo yung galit mo, sa gobyerno man o sa tao.
(MORE)

JOMA (CONT'D)
(Magbibiro) Puwede mo silang murahin kapag nakita mo.

KATHLEEN
(chuckles)
Like, yung mga classmates ko, galit na galit sila kay Tessie. The Dancing Queen Senator. Sa lahat ng Senator na bomoto ng NO, sa kanya pinakagalit yung mga tao.

JOMA
(matatawa rin)
Sumayaw pa kasi.

KATHLEEN
Yung mga classmates ko, apathetic sila sa politics, pero seeing how Tessie reacted at the senate, yun ang nag-trigger para magalit sila.

JOMA
Kung nakakapatay lang ang salita at mura - si Tessie ang unang-unang titimbuwang.

KATHLEEN
Titim-what?

JOMA
(chuckles)
Titimbuwang. Tutumba ng patiyaha. Parang ganito.

Ia-act out ni Joma na hindi naman humihiga sa ground. Ilalabas pa ang dila, nakapikit ang mata. Matatawa si Kathleen sa itsura ni Joma.

KATHLEEN
I learned something new today. *Titimbwang.*

May twang ang pagkakasabi ni Kathleen.

JOMA
Dalawa na. Timbuwang. Saka pantog.

KATHLEEN
Gagamitin ko 'yan kapag kausap ko mga friends ko.

JOMA
San ka nakatira?

KATHLEEN
Ha?

JOMA
QC din? Katipunan?

KATHLEEN
La Vista.

JOMA
Uy! Kapitbahay mo yung isang senator na nag-NO.

KATHLEEN
Marami silang taga La Vista, actually.

JOMA
Balita ko nag noise barrage yung mga kapitbahay niyo sa labas ng gate? Sa sobrang ingay, umalis yung Senador at natulog sa ibang lugar.

KATHLEEN
Narinig ko lang ang kuwento na yan from my driver. Ganoon din ba ang nangyari kay Miriam?

JOMA
Ah hindi. Si Miriam, nag rally ang mga tao sa labas ng gate nila. Nagalit yung asawa -- naglabas ng baril.

KATHLEEN
The things people do when they’re angry!

JOMA
Di naman kailangan may resulta agad ang pinaglalaban mo. May boses ka, gamitin mo ‘to para lumaban. Kung may nakikita kang mali, punahin mo. Kung nasaktan ka o nahirapan, magreklamo. Kahit hindi sa kalye o sa rally, kailangan natin gamitin ang boses natin para manindigan.

Beat. Joma looks at Kathleen.

JOMA (CONT’D)
Kaya hindi mo dapat pinagsisihan ang pagpunta mo dito.
(MORE)

JOMA (CONT'D)
Kapag napatalsik natin si Erap ngayon gabi, masasabi mo sa mga anak mo ten years from now na kasama ka sa mga taong nagbago ng kasaysayan ng bansa.

Matitigilan si Kathleen, mangingiti.

KATHLEEN
Ten years from now, 27 na ako. May anak na nga siguro ako noon. Ikaw, 10 years from now -- tingin mo, nasan ka na?

JOMA
Abogado na ako noon.

KATHLEEN
(magbibiro)
Grumaduate ka muna ng college.

Matatawa si Joma.

JOMA
Gumagaling ka na mag joke ha!

Beat.

KATHLEEN
Magri-resign kaya si Erap? Hindi naging successful ang impeachment, what if, magmamatigas pa rin siya after this?

JOMA
Nakikita mo ba ang dami ng tao ngayong gabi? Araw-araw, nadadagdagan ang galit kay Erap. Pagod na sa korapsyon. Lumalaban na ang mga tao. Huling nangyari 'to - napatalsik ang diktador, fifteen years ago! Dito rin - sa EDSA. Naniniwala akong magtatagumpay tayo.

KATHLEEN
If Erap steps down, si Gloria ang automatic na magiging President?

JOMA
Mas maganda kung Resign All. Para, si Nene na ang maging acting President. Habang inaayos ang special election.

KATHLEEN
Ayaw mo kay Gloria?

Joma scoffs.

KATHLEEN (CONT'D)
Okay naman siya ah. Economist siya. Saka, competent naman siya noong nasa Senate siya.

JOMA
Mas delikado daw yung matalino na magnanakaw, kesa sa hindi nag-iisip na magnanakaw.

KATHLEEN
Are you saying Gloria is also corrupt like Erap?

JOMA
Sinasabi ko lang na walang pinagkaiba si Gloria sa mga trapo. Traditional politician.

Beat.

JOMA (CONT'D)
Noong unang tumakbo si Gloria na senador, pang 13 siya. Kaya after three years, tumakbo ulit si Gloria. Alam na ng team niya kung anong magandang strategy. Kaya - noong lumabas ang resulta -- si Gloria ang nag number one. Alam mo sino nagpapanalo sa kanya? Si Nora Aunor.

KATHLEEN
Ininendorse siya ni Nora?

JOMA
Hindi. Naglabas siya ng picture na kamukha niya si Nora. Yun ang nilagay niya sa mga poster at material sa kampanya. Noong sumunod na eleksyon, Pangulo na ang pinangarap niya.
(MORE)

JOMA (CONT'D)
Ang dami niyang boto bilang Senador, kung ganoon karami pa rin boboto sa kanya, mananalo siyang Presidente.

KATHLEEN
Pero hindi siya tumakbong President.

JOMA
Kasi kinumbinsi siya ni FVR na mag Vice na lang muna. Kaya, wala akong tiwala kay Gloria. Masyadong matalino. Masyadong ambisyosa. Kapag siya ang pumalit kay Erap, baka ganoon din ang mangyari sa Pilipinas. O baka mas malala pa pala siya.

KATHLEEN
Bigyan lang natin siya ng chance. Ikaw na nga nagsabi, dapat tatakbo siyang President. Nagbago ng isip. Tapos ngayon, possible siyang maging President. Hindi ba parang destiny? Who knows - si Gloria lang pala ang makakatulong sa economy natin?

JOMA
Sana nga, tama ka. Pero, wan at a taym. Sana, mag resign muna si Erap.

May matatanaw si Kathleen mula sa malayo. She stands up.

JOMA (CONT'D)
Andyan na ang driver mo?

Sandaling matitigilan si Kathleen. And then she shakes her head.

KATHLEEN
Wala pa. Balik na lang tayo sa rally?

JOMA
Paano ang driver mo?

KATHLEEN
Hihintayin ako noon. Tara - sayang yung chance. Andito na ako. Inabot na ako ng gabi.
(MORE)

KATHLEEN (CONT'D)
Gusto ko lang masulit. Ten years from now, gusto kong sabihin na, kasama ako sa rally na nagpatalsik kay Erap. Part ako ng history!

Mauunang maglakad si Kathleen pabalik sa rally sa EDSA Shrine, pero may lingon pa siya sa kalye, kung saan dumadaan ang mga sasakyan. Magmamadali si Kathleen na bumalik sa rally.

21 EXT. STAGE AREA, EDSA SHRINE - SAME NIGHT

Nasa gitna na ng protests sina Joma at Kath. May mga artistang nagsasalita sa stage.

ARTISTA
Oo, kaibigan ko si Erap. Isa ako sa nangampanya para sa kanya noong 1998. Pero andito ako ngayon para makiusap sa aking kaibigan -- pakinggan mo ang sinisigaw ng mga Pilipino. ERAP RESIGN!!!!

EVERYONE
ERAP RESIGN!!!

Si Joma, humahaba ang leeg.

JOMA
Si Rosanna Roces! Andyan si Rossana Roces sa harap.

KATHLEEN
Sino?

JOMA
Rosanna Roces. Ilang beses ko rin siyang pinag-

Hindi matutuloy ni Joma ang gustong sabihin. Pilyong ngingiti na lang kay Kathleen.

JOMA (CONT'D)
- Artista din iyan.

KATHLEEN
Siya ba yung sexy star?

JOMA
Ligaya. Curacha. Selya. Tina Moran. Ilang beses niya rin akong pinasaya noong high school ako.
(MORE)

JOMA (CONT'D)
Gasgas na gasgas na nga yung tape ng VHS ng barkada ko, kaka-rewind! Pantasya ko lang siya noong high school. Ngayon, ilang metro lang ang layo niya sa akin. Abot-tanaw ko.

KATHLEEN
Rosanna o Claudine?

JOMA
Magkaiba naman sila.

KATHLEEN
Pero pareho mo silang nakita ngayong gabi at pareho ang reaction mo.

JOMA
Magkaiba sila. Si Claudine, pinapakasalan. Si Rossana, pinag- (smiles, hindi na itutuloy ang gustong sabihin) Basta magkaiba sila.

KATHLEEN
Hindi sila magka-level? Sige, Claudine o Kristine?

JOMA
Ikaw.

KATHLEEN
Ha?

JOMA
(babawi)
Ikaw - sino ang gusto mo? Si Claudine o si Kristine?

KATHLEEN
Wala. Tanungin mo ako kung Jericho Rosales o Rico Yan, may sagot ako.

JOMA
Jericho o Rico?

KATHLEEN
Diether.

JOMA
Anlayo naman!

KATHLEEN
Si Diether ang gusto ko kasi kamukha niya si Jerry Yan!

JOMA
(chuckles)
Si Dao Ming Su!

KATHLEEN
(gulat)
Uy, kilala mo!

JOMA
Yung ex ko kasi, favorite niya ang Meteor Garden. Kilig na kilig siya kay Dao Ming Su. Hindi naman gwapo yun, maputi lang.

KATHLEEN
Excuse me. Ang gwapo kaya ni Dao Ming Su! Ang kinis-kinis.

JOMA
Maputi lang, makinis na. Dati, mestizo lang, matangos lang ang ilong, pinagkakaguluhan niyo na. Ngayon naman, nauuso ang singkit. Mas guwapo pa rin kaming mga moreno. Ordinaryo lang naman mukha noong Jerry Yan!

KATHLEEN
Ang pait-pait mo kay Dao Ming Su.

JOMA
Inaway nga ako ng ex ko dahil diyan. Para makabawi - binilhan ko ng CD collection ng Meteor Garden.

KATHLEEN
Wow! Ang mahal noon!

JOMA
(matatawa)
May kaibigan akong nagta-trabaho sa Quiapo. Bumili lang ako ng blankong CD tapos binurn na lang niya para sa akin.

KATHLEEN
Aaaaaw. Ang sweet pa rin. Kahit pirated!

JOMA
Kaso, gusto niyang panoorin namin nang sabay. Panay ang marathon namin. Nirerewind pa sa mga paborito niyang eksena.

KATHLEEN
Pati yung Season 2?

JOMA
Nag break na kami noong Season 2.

Beat.

JOMA (CONT'D)
Pinagpalit ako sa law student.

KATHLEEN
Kaya ba gusto mong maging lawyer?

JOMA
Uy, hindi ah. Dati ko pa gusto maging abogado. Yung syota ko kasi noong high school, attorney yung Daddy niya. Ginagalang siya ng lahat. Kahit saan siya magpunta, tawag sa kanya... Attorney! Dahil sa syota ko na 'yun, pinangarap kong maging abogado.

KATHLEEN
Naka ilang girlfriend ka na?

JOMA
Yung seryoso o hindi?

KATHLEEN
Grabe. May ganoon? Hindi ba kapag nagka girlfriend ka, seryoso ka dapat sa kanya?

Joma looks at Kathleen.

JOMA
May babae kasing sini-seryoso, merong hindi.

KATHLEEN
May Claudine, at may Rosanna... Ganoon ba?

Matatawa sila. Magsisimulang maglakad palayo sa stage.

22 EXT. EDSA ROAD - SAME NIGHT

Wala na sila sa stage area, naglalakad na sila paakyat sa flyover kung saan naka- tambay ang mga tao.

JOMA
Ikaw - wala kang boyfriend?

KATHLEEN
Wala nga.

JOMA
Yung nakita natin kanina sa mall, yung Inglisero - ano mo yun?

KATHLEEN
Si Inigo. Taga Ateneo. Family friend.

JOMA
Iba yung tingin niya sa'yo kanina. May gusto yata sa'yo. Singkit siya. Ka-tipo ni Dao Ming Su. Ayaw mo ba sa kanya?

KATHLEEN
Mas Xi Men siya, actually. Pati ugali, ganoon. Pero kapag nagsalita na, si Pacey!

JOMA
Mahilig kang manood ng TV, no?

KATHLEEN
Mas DVD. Dawnson's Creek. Smallville. Hindi masyado sa TV kasi - mostly naman, gaya-gaya tayo sa foreign shows. Yung Tabing Ilog? Tinagalog lang na Dawson's Creek. Ikaw? Anong pinapanood mo sa TV?

JOMA
Wala. News na lang. TV Patrol. Saka yung Magandang Gabi Bayan kapag Undas. Pero noong bata ako, mahilig din ako sa TV. Paborito namin ng mga Kuya ko ang Valiente. Tapos habang pinapalabas yung eksena na nag-aaway na si Gardo at Theo, biglang nagkasunog sa kapitbahay namin.

KATHLEEN
Oh my God!

JOMA
Hindi ko na nalaman anong nangyari kasi wala na kaming TV. Wala na rin kaming bahay. Tumira kami sa evacuation center.

KATHLEEN
Nasunugan pala kayo noong bata ka -- as in buong bahay?

JOMA
Oo. Walang natira. Lahat ng damit. Lahat ng gamit.

KATHLEEN
Tapos ako kanina, nawalan lang ng wallet, kung makaiyak, parang buong bahay na yung nawala sa akin.

JOMA
Pareho lang naman tayo nawalan, kaya di pwedeng ikumpara sino ang mas may malala na sitwasyon.

Turo si Joma sa flyover.

JOMA (CONT'D)
Gusto mo umakyat doon? Para mas nakikita natin ang nangyayari. Kagabi, doon ako tumambay. Para akong nasa balkoni ng sinehan.

KATHLEEN
Gusto mo lang hanapin si Claudine eh. O kaya si Rosanna.

JOMA
Kanina pa tayo andito sa ground, iisa lang ang nakikita natin. Sabi mo gusto mo sulitin ang experience mo, di ba? Tara doon ---

23 EXT. FLYOVER, EDSA ROAD - SAME NIGHT

Nasa taas na ng flyover sina Kathleen at Joma, nakatingin sa mga taong nasa rally sa baba.

KATHLEEN
Ang daming tao! Sa tingin mo, may one million na tayo dito?

JOMA
Siguro. Ito ang pinakamaraming tao nakita ko sa isang rally.

May ituturo si Joma.

JOMA (CONT'D)
Si Raul Roco o!

KATHLEEN
Saan?

JOMA
Ayun. Naglalakad. Kasama si Drilon. Nakikita mo yung may malaking banner na itim? Yung katabi ng plakard na Dancing Queen. Tapos may tatlong lalaking naglalakad? Ayun o. Ayun...

KATHLEEN
Yung naka-black? Yung may kasamang naka-barong? Si Raul Roco yun? (Sisigaw) Roco! Roco! Sir!!! (Kakaway) Sir!!! I really admire you po!

Matatawa si Joma kay Kathleen.

JOMA
Hindi ka niya maririnig.

KATHLEEN
Sabi mo kanina, kahit hindi ako naririnig, basta gamitin ko ang boses ko... Para ma-express yung gusto ko.

Sisigaw si Kathleen nang mas malakas.

KATHLEEN (CONT'D)
Roco! Roco!

JOMA
Sa tatlong araw ko dito, iba't ibang tao na nakita ko. Politiko. Artista. Aktibista. Businessman. Ngayong gabi lang, andito si Jaime Zobel de Ayala.
(MORE)

JOMA (CONT'D)
Saka si Teddy Casino. Isipin mo -- Zobel de Ayala. Teddy Casino -- nasa iisang lugar, humihinga ng parehong hangin ngayong gabi!

KATHLEEN
In the end, wala pa rin naman tayong pinagkaiba sa isa't isa. Kapag pinadala ni Erap ang mga sundalo para bombahin tayo, we will all die tonight.

JOMA
Wala na. Nag withdraw na ng suporta ang mga sundalo at pulis. Sina Orly Mercado, Angelo Reyes, pati sina Lacson at Alfredo Lim - kakampi na natin sila!

KATHLEEN
So hindi na tayo bobombahin ngayon?

JOMA
Pero tama ka rin - ngayong gabi, dito sa EDSA, lahat tayo pantay-pantay. Pero uuwi tayo sa kani-kaniyang bahay na magkakaiba pa rin.

Mapapatingin si Kathleen sa Robinsons Mall.

KATHLEEN
May napag-aralan kami sa klase, tungkol sa may-ari ng mall na iyan.

JOMA
Si Gokongwei?

KATHLEEN
Namatay yung Tatay niya noong 13 siya. Maraming naiwan na utang. You know what he did? Nagbenta ng mani sa bakuran nila. Tapos nagbukas ng tindahan - soap, candles, pati sinulid! After a few years -- ayan na. May malaking mall na siya. Iba pa rin talaga kapag masipag ka, no? Hardwork pa rin ang mag-aahon sa iyo sa hirap...

JOMA
Hindi rin. Maraming Pinoy na kahit anong sikap nila, mahirap pa rin sila.

KATHLEEN
Maybe they're not trying hard enough --

JOMA
Umaalis sila nang maaga sa bahay. Bibiyahe sa EDSA. Matatrapik. Magtatrabaho ng walo hanggang sampung oras. Uuwi sa bahay ng gabi na. Ni hindi makalaro ang mga anak nila dahil sa pagod. Tapos gigising na naman nang maaga para magtrabaho. Araw-araw nilang ginagawa ito. Pero kahit ilang oras silang magtrabaho at magpaka-pagod, hindi sila magiging mayaman. Ni hindi nga gumiginhawa ang buhay nila sa pagtatrabaho. Survival lang sa araw-araw. Para may makain. Para may panggastos.

Matatahimik si Kathleen. Parang batang napagalitan.

KATHLEEN
Sorry. Hindi ko alam...

JOMA
Yung Tatay ko, namamasada siya ng dyip. Umaalis ng madaling araw, umuuwi ng alas nuebe, alas diyes. Limang oras lang siyang natutulog. Sumasakit ang katawan kaka-drive buong araw, isa siya sa pinakamasipag na taong nakilala ko. Kung sipag lang din ang sukatan para yumaman, sana, milyonaryo na kami. Hindi sapat na masipag at matiyaga ka. Hindi ka rin uunlad, lalo na kung bulok naman ang sistema ng gobyerno.

KATHLEEN
Gets ko na, okay na. Para akong nasa courtroom at ini-interogate mo.

Mahihimasmasan si Joma, mangingiti.

JOMA
Bagay ba sa akin maging attorney?

KATHLEEN
Like what I said, grumaduate ka muna. Ano ba course mo ngayon? Philo? Polsci?

JOMA
Engineering.

KATHLEEN
Ha? Bakit engineering ang pre-law mo?

JOMA
Pangarap kong maging abogado. Pero hindi porke iyun ang pangarap mo, yun din ang kapalaran mo. Ang tagal maging abogado. Parang pagdo-doktor. Taon muna ang bibilangin bago ka matawag na Dok o Attorney. Kaya nag Engineering na lang ako kasi, apat na taon lang, may naka-kabit na sa pangalan ko -- Engineer Mangahas. Saka, astig din naman ang engineer! Malaki pa suweldo, lalo na sa abroad. Sabi ko noon, pagka-graduate ko, maghahanap agad ako ng trabaho. Pero, noong sumasali na ako sa rally, bumalik yung pangarap kong maging attorney. Kahit magastos, pag-iipunan ko. Ang daming injustices ngayon sa bansa, at kailangan ng mga nasa marginalized sector ng magtatanggol sa kanila.

KATHLEEN
Yung mga mahihirap?

JOMA
Yung mga manggagawa. Mga Lumad. Mga magsasaka at mangingisda. Kailangan may ibang tao na lumalaban para sa kanila. Ikaw -- ano ba course mo?

KATHLEEN
Masscom. Gusto kong maging broadcaster someday. Or -- sa advertising agency.

JOMA
Pwede ka rin mag-Law pagka graduate mo. Magandang pre-law din ang masscom.

KATHLEEN
Ako? Lawyer? Hindi ko nga alam anong nangyayari sa Impeachment case. Hindi ako updated sa mga balita.

JOMA
Napag-aaralan naman yun. Natuturo. Pero yung core mo -- pang lawyer.

KATHLEEN
Hindi ako marunong mang-away.

JOMA
Abogado lang, kailangan war freak na? Noong nawala ang wallet mo kanina, ang una mong naisip, naiwanan mo o kaya nahulog. Hindi mo inisip na nadukutan ka. Kahit sinabi ko na trapo rin si Gloria at hindi siya mapagkakatiwalaan, binigyan mo siya ng benefit of the doubt. Naisip mong baka siya na ang pag-asa ng bansa natin.
Ang una mong nakita ang kabutihan sa ibang tao. Kailangan ng mundo ng ganyan klaseng abogado.

Mangingiti si Kathleen sa pina-realize sa kanya ni Joma.

JOMA (CONT'D)
Pero kung gusto mo maging broadcaster, bagay ka rin naman doon. Baka mas marami kang matulungan kapag nagtrabaho ka sa media. Makapangyarihan yung media na mang-impluwensa ng mga tao.

KATHLEEN
Media is a powerful tool in shaping our culture. Iyan ang laging tinuturo sa amin, kaya dapat maging maingat at responsible ang mga may boses at influence sa media. Kasi hindi mo alam kung ilang tao ang nakikinig o nanonood sa'yo, ilang buhay ang nababago mo.

JOMA
Ang nakakalungkot, hindi naman lahat ng pinapalabas at pinapanood natin ay totoo. Namamanipulate din ng media ayun sa gusto nilang naratibo.

KATHLEEN
Sabi nga ni Direk Joey Reyes, “Media can show you what is real, but not what is true.”

JOMA
(malilito)
Anong pinagkaiba ng real sa true?

Sandaling mapapaisip si Kathleen.

KATHLEEN
Nandito ako ngayon sa rally. Pero ang totoo, hindi naman talaga ako pumunta dahil kay Erap. Isa lang itong adventure para sa akin. Protesta ko laban sa boring at monotonous kong buhay. Pero hindi yun ang alam ng mga tao. Ang nakikita lang nila, andito ako sa EDSA, kasama ng marami na nagpo-protesta.

JOMA
Ang nakikita ko, isang babaeng gumawa ng matapang na desisyon.

KATHLEEN
Matapang?! (matatawa. Magbibiro) Umihi nga lang sa portalet kanina, hindi ko magawa. Umiyak ako noong hindi ko na makita ang mga kaibigan ko. Humagulgol ako noong nawala ang wallet ko.

JOMA
Lumabas ka sa comfort zone mo. Lumihis ka sa nakasanayan mo. Andito ka ngayon. Kausap ang isang stranger. Para sa akin, katapangan iyan.

Ngiti si Kathleen. Magbibiro.

KATHLEEN
Mukhang mapu-put to test ang katapangan ko ngayon... Kailangan ko ulit mag-wiwi.

JOMA
Sa mall ulit?

Hindi makasagot si Kathleen, mapapatingin kay Joma, mag-iisip.

24 EXT. ROWS OF PORTALETS, EDSA - SAME NIGHT

Sa area kung saan naka set up ang portalet, lalabas si Kath. Dito siya nag CR!

KATHLEEN
I did it!

Itataas pa niya ang kamay na parang naka abot sa finish line. May sense of pride siya for conquering something she hasn't done just a few hours ago.

JOMA
Congrats! Haha

Makiki-high five sana si Kathleen kay Joma then realizes galing lang sya sa CR. Matatawa na sila.

She and Joma go back sa area kung saan andoon ang mga protesters.

KATHLEEN
Mas gross ito ngayon kesa kanina. I thought, dirtiest and super gross na 'yung nakita ko kanina. As in super kadiri. Pero may mas idudumi pa pala. Pero nakaya ko.

JOMA
You ar nat da seym person you ar few hours ago.

KATHLEEN
Yun ba nagdi-define ng pagkatao ko - yung nakaya ko mag wiwi sa maruming portalet?

JOMA
Di lang yun. Siguradong marami kang pinaniwalaan kahapon na hindi mo na pinapaniwalaan ngayon.
(MORE)

JOMA (CONT'D)
Lahat ng sinasabi, naiisip o nararamdaman ng isang tao, kumbinasyon ng mga taong nakikilala nila at nakakasalamuha. Tingnan mo ako, iba ako ngayon sa Joma kaninang umaga. Kasi yung Joma kanina, hindi ka pa kilala.

Magba-blush si Kathleen sa sinabi ni Joma, pero susubukang itago ang nararamdaman na kilig.

KATHLEEN
Yeah, you're right. Noong gumising ako this morning, ang plano ko lang ay pumasok sa school. Look kung nasan ako now... (chuckles) I will never forget this day.

JOMA
Hindi na ito ang worst day of your life?

KATHLEEN
Hindi na.

May makikita si Kathleen, ituturo.

KATHLEEN (CONT'D)
Gusto ko noon. Para may remembrance ako.

JOMA
(lingon)
Alin?

KATHLEEN
Yung mga Erap resign na pins.

JOMA
Marami nang binebenta ngayon. May mga t-shirt. Pamaypay. Payong.

KATHLEEN
Nakakatuwa yung pagiging creative natin, no? Ang witty noong ibang slogan. Nakakatuwa yung mga design.

JOMA
Creative at maabilidad. Sa panahon ng protesta, naisipan pa nilang magbenta para kumita.

Kathleen realizes something, malulungkot.

KATHLEEN

Wala nga pala akong pera. Hindi ako makakabili ng merchandise pang souvenir.

JOMA

Sandali -

Kukunin ni Joma ang backpack niyang gawa sa tela. May nakakabit na bilog na pin na may nakasulat na ERAP RESIGN katabi ng caricature ni Erap. He gives it to Kathleen.

KATHLEEN

Paano ka?

JOMA

Marami kaming ganyan. Manghihingi na lang ulit ako. Remembrance mo na ito.

Ikakabit ni Joma ang pin sa damit ni Kathleen. Habang ginagawa niya ito, may crowd na tutulak kay Joma. Halos matumba sila ni Kathleen.

KATHLEEN

Ouch.

JOMA

Sandali. Wag kayong manulak!

Maririnig ang sigawan at ingay ng mga tao. Kanya-kanyang sigaw ng “Aray!” “Teka, naiipit ako.” “Huwag kayong magtulakan!”

KATHLEEN

What’s happening?

Hihilahin ni Joma si Kathleen, palayo sa mga tao.

25 EXT. STAGE AREA, EDSA SHRINE - SAME NIGHT

Sa malaking screen sa may stage area, we see a footage of Erap, nagsasalita. Hindi pa natin maririnig kung ano ang sinasabi niya.

STUDENT 1

May announcement daw si Erap.

STUDENT 2

Magri-resign na ba siya?

STUDENT 1
Hindi ko marinig ang sinasabi --

Magkakagulo at magkakatulakan ang mga tao. Maiipit si Kathleen.

JOMA
Sandali, wag kayong manulak... sandali -

KATHLEEN
Ouch. Araaaay. Jomaaaa

Magkaka-stampede na sa area nina Kathleen at Joma. Maiipit si Kathleen. Gagamitin ni Joma ang katawan niya para protektahan si Kathleen. Si Joma ang madadaganan at masasaktan.

KATHLEEN (CONT'D)
Jomaaaa!

26 EXT. ROWS OF STORE NEAR EDSA SHRINE - SAME NIGHT

Nakaupo si Kathleen at Joma sa tapat ng mga rows ng tindahan. May sugat sa braso si Joma as Kathleen pours content of her bottled water sa sugat. She gets her handkerchief sa bulsa at ipupunas kay Joma.

JOMA
Ayos ka lang ba?

KATHLEEN
Ikaw yung nasaktan pero ako ang tinatanong mo kung okay lang ako.

JOMA
Tsss. Wala 'to. Mas malaki pa sugat ko sa ibang rally. Sanay na ako.

KATHLEEN
Ako, hindi. Hindi ako sanay to be in that situation. Kanina, noong nagkakatulakan na, noong naiipit na ako, I thought I would die. Kung hindi dahil sa'yo, baka na-injure na ako. Biglang nag-flash right before my eyes yung life ko. Ganito pala yung pakiramdam... Like, paano kung hanggang dito na lang ang buhay ko? Paano kung wala ng bukas? Ikaw - paano kung namatay ka tonight?

JOMA

Hindi ako magsisisi. Ilang beses na akong muntikan mamatay sa rally. Mamamatay akong may pinaglalaban. Para sa bayan. Alam kong nagkaroon ng saysay ang buhay at kamatayan ko.

KATHLEEN

Hindi pa ako puwedeng mamatay. Not this way. Not now. Not here. Marami pa akong gustong gawin. Hindi ko naranasan paano maging malaya. Ang dami kong hindi pa nagagawa. Ang dami kong gustong puntahan. Kung mamamatay ako ngayon, my last happy place was the mall. Ang pinaka-exciting na nagawa ko ay ang mag cut ng classes at pumasok sa CR ng boys. Ang dami ko pang items sa bucket list ko. Hindi ko pa nakikita yung Eiffel Tower. Gusto ko makita si Pope sa Vatican! Hindi pa ako nakakapag bungee jumping. Hindi ko pa nga nararanasan paano ma in love. Hindi pa ako nagkaka boyfriend. Hindi ko alam ano pakiramdam nang mahalikan.

Mapapatingin si Kathleen kay Joma. Bigla niya itong hahalikan sa lips. Magugulat si Joma. Pero mas magugulat si Kathleen. Mahihiya.

KATHLEEN (CONT'D)

Sorry -

Akmang tatayo sana si Kathleen pero bigla siyang hihilahin ni Joma palapit sa kanya. Hahalikan ni Joma si Kathleen sa lips. First kiss ni Kathleen yun.

27 EXT. EDSA ROAD - SAME NIGHT

Holding hands na si Kathleen at Joma na naglalakad pabalik sa rally. Mas madami na tao ngayon. Halos hindi na nila kailangan maglakad, dahil natatangay sila sa galaw ng mga tao.

CROWD

Sobra nang pahirap. Patalsikin si Erap! Erap Resign. Erap Resign!

Sa paligid nila, maingay at magulo ang mga tao, kanya-kanyang sigaw. Pero parang may sariling mundo ang dalawa.

Makakasalubong nila si Ella. May matalim na tingin sa magkahawak-kamay na Kathleen at Joma. Dahil maingay ang mga tao, pasigaw na kung mag-usap si Joma at si Ella.

ELLA
(pasigaw)
Ang sabi mo babalik ka!

JOMA
(pasigaw)
Anong nangyayari? Bakit nagkakagulo ang mga tao?

ELLA
(pasigaw)
Nagpa-presscon si Erap.

JOMA
(pasigaw/excited)
Magri-resign na siya?

ELLA
(mas malakas na sigaw)
Hindi. Snap election daw sa Mayo. Nagmamatigas pa din! Kaya, nagpaplano nang sumugod ang mga tao sa Malacanang.

JOMA
(pasigaw)
Ngayon?!

Joma turns to Kathleen.

JOMA (CONT'D)
Bumalik na tayo sa likod. Baka andyan na driver mo. Umuwi ka na. Delikado na pumunta sa Malacanang.

May tatawag kay Kathleen mula sa likod. Si Inigo. Lingon si Kathleen.

INIGO
(pasigaw)
Kath! You're still here? I saw your driver earlier!

ELLA
(kay Joma)
Sasama ka ba?

Habang kausap ni Kathleen si Inigo, at kausap ni Joma si Ella, may isang lupon ng tao na dadaan sa pagitan ni Joma at Kathleen.

We see throngs of people marching. Galit na. Sumisigaw.

EVERYONE
Sobra nang pahirap/Patalsikin si Erap.

PROTESTERS
Erap resign! Erap alis diyan!

Isang sweep ng mga tao ang dadaan sa harapan nina Joma at Kathleen. Papuntang Malacanang. Tulakan. Gitgitan. Kathleen and Joma are pushed away from each other.

JOMA
Kathleen!

Madadala si Joma ng isang wave ng tao. Matutulak palayo kay Kathleen.

KATHLEEN
Joma -- Sandali!

Si Kathleen, maiiwan. Joma fights the onslaught of protesters, babalikan kung saan niya naiwanan si Kathleen.

Si Kathleen naman, susubukan humabol kay Joma. She fights her way to run after him.

But Kathleen doesn’t see Joma. She tries to look for him. Wala. That would be the last time they’d see each other.

28 I/E. CAR, TRACKING - DAY (BACK TO PRESENT, 2022)

Back to present. Kathleen is now driving. She looks at the people na nagkakabit ng banner/ribbon sa sidewalk. Sad smile si Kathleen. Nostalgic.

29 INT. CAFE/RESTO IN A HOTEL - LATER, SAME DAY

Sa isang cafe or restaurant inside a 5-star hotel in Makati, kausap ni Kathleen ang kaibigang si ANDREA, (mid 30s), naka pink na shirt and jeans.

ANDREA
Iniwan mo ang sasakyan mo para habulin yung akala mong si Mr Edsa Dos?

Matatawa si Andrea sa kaibigan.

KATHLEEN
Kamukha kasi niya!

ANDREA
Kath. Isang gabi mo lang nakasama.
And that was like 20 years ago.

Kathleen sighs, she turns pensive.

KATHLEEN
EDSA Dos changed me.

ANDREA
Dahil nahalikan ka for the first
time?

KATHLEEN
Malaki ang impluwensya ni Joma sa
akin.

ANDREA
Nag law school ka dahil sa kanya,
di ba?

KATHLEEN
Naniwala ako sa sinabi niya na I
had what it takes to be a good
lawyer. And here I am. Kung ano ako
ngayon, epekto ito ng EDSA Dos.
Dahil ito kay Joma -

ANDREA
Kaya single ka pa rin ngayon kasi
umaasa kang makikita mo siya ulit.
At siya ang makakatuluyan mo!

KATHLEEN
Hindi ko na kasalanan kung gago
yung mga naging boyfriend ko.

ANDREA
Pero si Francis! Matino si Francis.
Muntikan na nga kayo ikasal, di ba?
Bakit nga ba kayo naghiwalay noon?

KATHLEEN
(shrugs)
Hindi lang meant to be.

ANDREA
Kasi ang nasa isip mo, ang destiny mo - si Mr. Edsa Dos!

Kathleen sighs. Matatawa.

KATHLEEN
Nasan na kaya si Joma ngayon? Nagrarally pa rin kaya siya? Baka namundok na yun. Naging komunista o terorista.

Matatakot sa next na tanong.

KATHLEEN (CONT'D)
Buhay pa kaya siya?

ANDREA
Baka kaya hindi mo mahanap kasi nagbago ng pangalan. Ka Joma? Ka Onat? Baka nasa Netherlands na - Sumama sa original na Joma. Ang point ko lang - Mars, tapos na yun. Mag move on ka na. May dumarating lang talaga na tao para baguhin ka at dalhin ka sa ibang direksyon. Pero hanggan doon lang yun. Na fulfill na niya ang purpose niya sa buhay mo. Sabi mo nga, kung ano ka ngayon, dahil sa kanya.

KATHLEEN
Pero sana makita ko ulit siya, kahit sandali lang. Para lang makapag-pasalamat ako.

ANDREA
Sabagay. If only Joma could see you now, he would be so proud --

Andrea's phone alerts a new message. She reads the message.

KATHLEEN
Andyan na sila?

ANDREA
Oo. I have to go. Marami pa kami gagawin.

KATHLEEN
Sige.

ANDREA
Paano ka?

KATHLEEN
Hintayin ko yung ka-meeting ko. Dito na lang muna ako.

ANDREA
Punta ka bukas?

KATHLEEN
Hindi ako sure.

ANDREA
Akala ko ba Edsa Dos changed you? This is our biggest battle. Kapag umabot ng isang milyon ang pumunta sa miting de avance, mahihirapan na silang dayain tayo.

KATHLEEN
Oo na. Oo na. Anong oras tayo magkikita?

ANDREA
Gusto mong mag check in na rin dito? Tanong ko kung may bakante pa. Ah basta tawagan later. Bye.

Aalis na si Andrea, maiiwan si Kathleen. She checks her phone for messages.

30 INT. RECEPTION, HOTEL LOBBY - SAME DAY

Maraming tao sa front desk/reception ng hotel. Mga nagche-check in. We notice that most of them are wearing pink shirts. May dalang mga placards, pink balloons, pink ribbons, etc.

Lapit si Andrea sa reception to inquire.

ANDREA
Miss - may bakante pa ba kayo? Or fully booked na?

RECEPTIONIST
Fully booked na po, Ma'am.

ANDREA
Okay. Thank you.

Andrea turns to leave, may makikitang kakilala. Magbabatian. Behind her, a man goes to the front desk. Naka polo shirt. May bitbit na branded jacket. Expensive watch and shoes.

MAN
Magche-check in, Miss.

RECEPTIONIST
Under what name po, Sir?

MAN
Mangahas. Jonathan Mangahas.

Nakatalikod siya kay Andrea. But Andrea is able to hear his name. She turns to the man sa front desk. Tapos magpapaalam sa kausap si Andrea, babalikan si Kathleen.

31 INT. CAFE/RESTO IN A HOTEL - SAME DAY

Excited na babalikan ni Andrea si Kathleen.

ANDREA
Kath! Kath. May nakita ako sa reception. Nag check in dito. Jonathan Mangahas.

KATHLEEN
Ha? Anong itsura? Saan? Mag-isa lang ba? Wait - nag check in dito?! Si Joma kaya yun o kapangalan lang?

ANDREA
Kaya nga puntahan mo. Tingnan mo. Di ko naman kilala iyang Joma mo!

Magmamadaling pupunta si Kathleen sa front desk, kasunod si Andrea.

32 INT. RECEPTION, HOTEL LOBBY - SAME DAY

Lapit si Kathleen sa front desk, frantic.

KATHLEEN
Miss. Pwedeng malaman ang room number ni Jonathan Mangahas?

RECEPTIONIST
Sorry, Ma’am. Hindi po namin binibigay ang room number.

Kathleen turns to Andrea.

KATHLEEN
Ano itsura niya? Nasan siya? Andito ba siya?

ANDREA
Mars, andaming tao! Di ko na matandaan.

KATHLEEN
Naka pink ba siya?

ANDREA
Hindi!

KATHLEEN
(to receptionist)
Miss? Di ba talaga pwede? Please. Lawyer ako. Kailangan ko lang yung room number ni Jonathan Mangahas.

RECEPTIONIST
Ma'am, if you want, you can leave a message tapos irelay na lang namin sa kanya.

KATHLEEN
Okay. Sige. Ganoon na lang.

Kathleen turns to Andrea.

ANDREA
Anong sasabihin mo?

KATHLEEN
(lito)
Anong sasabihin ko?

Biglang -

MAN
Bakit mo ako hinahanap? Sino ka?

Nasa likod na ni Kathleen ang lalaki. Her heart is pounding. Is it Joma? Iba yung boses. Iba yung tono. She turns to face him. He looks like Joma. Only older. Pero, hindi ito ang porma ni Joma.

The guy recognizes her but he isn't sure kung saan niya ito nakita.

KATHLEEN
Joma? Joma di ba?

Hindi pa din matandaan ni Joma kung saan niya nakita si Kathleen.

KATHLEEN (CONT'D)
EDSA Dos!!!

He lights up and remembers her.

JOMA
Kathy?

KATHLEEN
Kath. Kathleen.

His jaw drops. Hindi makapaniwala.

JOMA
Naalala mo pa ako? Wild! How long has it been?

KATHLEEN
Twenty one years.

JOMA
Wow!!!

KATHLEEN
I know -

Hindi pa rin sila makapaniwala na magkaharap na sila ngayon. Kath dreams of this moment for so long. Pero now na kaharap na niya si Joma - parang wala siyang ibang masabi. Hindi niya alam ano gagawin. Ano sasabihin. Ilang segundo lang sila nakatingin sa isa't isa when a middle aged man approaches them. This is Joma's lawyer.

LAWYER
Mr Mangahas.

Joma turns to the lawyer, nods at him.

JOMA
Attorney, sandali -

Joma turns to Kathleen.

JOMA (CONT'D)
Naka-check in ka rin ba dito? Do you have plans today? Tonight? May quick meeting lang ako but if you're free -

KATHLEEN
May meeting lang din ako but
yeah... I'm free for coffee. Or
something.

JOMA
Great. Wait, what's your number?
Mahirap na, baka mawala ka ulit...

Joma takes out his phone to save Kathleen's number.

JOMA (CONT'D)
Sandali lang to. I'll call you
later.

May tapik si Joma sa shoulder ni Kathleen before he joins the lawyer and they head sa cafe/dining area ng hotel.

Hindi pa rin makapaniwala si Kathleen. Lapit si Andrea sa kanya, smiling. Mapapailing. Kahit si Andrea, hindi makapaniwala.

ANDREA
Tangina, Mars! Ano yun!!! Ang
surreal!!!

KATHLEEN
I know -- we were just talking
about him tapos -- tapos andito
siya. Nakita ko ulit siya. At
magkikita kami mamaya...

Hindi pa rin makapaniwala si Kathleen.

33 INT. LOBBY OR CAFE IN A HOTEL - LATER, SAME DAY

We see Joma, waiting sa loob ng cafe. Papasok si Kathleen, may kausap sa phone. Makikita siya ni Joma. He waves at her, she waves back and heads to the table, while wrapping up her phone conversation.

KATHLEEN
Isama mo yung witness para
magkaroon tayo ng briefing at
gagawa tayo ng judicial affidavit.
Okay. Sige, tawagan na lang.

Kathleen ends the phone call, turns to Joma.

KATHLEEN (CONT'D)
Sorry, kanina ka pa?

JOMA
It's okay. I waited 20 years for this.

KATHLEEN
(giggles)
Talaga lang ha - di mo nga ako nakilala kanina.

JOMA
Wait, you're a lawyer now?

KATHLEEN
Ginaya kita -

JOMA
(matatawa)
Hindi ako lawyer.

KATHLEEN
Oh. Mukha kang lawyer. So what do you do now?

JOMA
Based ako sa Cebu. Doon na rin ako nakatira.

KATHLEEN
Andito ka para sa Miting de Avance?

Hindi agad makasagot si Joma.

JOMA
May mga ka-meeting ako na pupunta sa Miting de avance.

KATHLEEN
So how often do you fly here?

JOMA
Once, twice a month. Depende sa meetings.

Joma's phone rings. He sees the caller. He excuses himself.

JOMA (CONT'D)
Sorry, I just need to answer this.

KATHLEEN
Go ahead -

Sasagutin ni Joma ang phone as Kathleen checks the menu.

JOMA
(on the phone)
Yaya? *Nakauli na si Yohan? Nikaon na? Istoryahon nako* -- Yohan, just do what Yaya says okay. I will be home soon. Two days lang mawawala si Daddy.

Kathleen tries to be unaffected nang marinig ang phone convo ni Joma. Joma ends the phone call.

JOMA (CONT'D)
Sorry, anak ko -

Disappointed si Kath sa narinig pero ayaw ipahalata.

KATHLEEN
Ahhh. Nasa Cebu din wife mo?

Joma smiles, charming pa din. Kathleen gets weak in her knees when he smiles.

JOMA
Yung lawyer na kausap ko kanina? Inaasikaso niya annulment ko.

KATHLEEN
Ooooh

Pilit naman si Kathleen na itago ang saya at excitement. Tingin siya sa menu, trying to hide her smile.

JOMA
You wanna stay here? Or gusto mo sa iba?

KATHLEEN
Parang gusto kong maglakad.

34 EXT. STREET, AYALA - SAME DAY

Naglalakad papunta sa Ayala Triangle sina Joma at Kathleen. Mapapansin na sarado na ang ibang roads/area, naghahanda para sa Miting de Avance kinabukasan.

KATHLEEN
So ilan na ang anak mo?

JOMA
Isa lang. He's 7.

KATHLEEN
And does he know that you and your wife are --

JOMA
10 years na kaming kasal ni Rachel pero limang taon na kaming hiwalay.

KATHLEEN
Ooooh

JOMA
Kailangan ko lang maghintay until Yohan turns 7...

KATHLEEN
So you can file for custody.

Joma chuckles.

JOMA
Alam mo iyan, lawyer ka.

Ngiti si Kathleen.

KATHLEEN
Bakit kayo naghiwalay?

JOMA
She has anger management issues. May pagka bipolar din. And she's now living in with a new partner. The annulment is just for legality -

KATHLEEN
So you can marry again?

JOMA
I don't think I'd want to get married again. Pero ayokong magsalita ng tapos -- who knows?

Joma smiles at Kathleen.

JOMA (CONT'D)
So, may sarili kang law firm?

Iling si Kathleen.

KATHLEEN
Corporate lawyer ako sa Manalaysay.

JOMA
The shipping company?

KATHLEEN
Oo. But I do private practice, din.
Allowed naman kami.

JOMA
Tinapos mo ang mass com or nag
shift ka?

KATHLEEN
Tinapos ko. Sabi mo kasi, magandang
pre-law ang masscom.

Matatawa si Joma.

JOMA
Masunurin ka pala -

KATHLEEN
Kaya nga rin ako nag law dahil
sinabi mo.

JOMA
Di nga?

KATHLEEN
You told me bagay akong maging
laywer --

JOMA
Because you see the goodness in
every one!

KATHLEEN
Na inspire din ako sa'yo, actually.
Para magkaroon ng voice yung mga
marginalized sectors.

JOMA
Pero corporate lawyer ka --

KATHLEEN
On weekends, I do pro bono para sa
mga victims ng VAWC.

JOMA
Violence Against Women and
Children.

Tango si Kathleen.

KATHLEEN
Mas nag-ienjoy ako doon, actually. Ilang beses ko na inisip mag resign para mag concentrate sa private practice but --

JOMA
Sayang ang pera sa corporation?

KATHLEEN
No, hindi lang yun. Madami din naman akong natutulungan na mga seafarers and their families sa work ko now. I can't give that up.

JOMA
Pero ang hirap niyan. Ang dami ng ginagawa mo. Corporate lawyer pag weekdays. Private practice sa weekends. Buti okay lang sa husband mo na ganyan ka ka-busy.

Kathleen chuckles.

KATHLEEN
Wala akong husband.

JOMA
Partner? Boyfriend?

Iling si Kathleen.

KATHLEEN
Single.

JOMA
How old are you now? 29? 30?

Kathleen laughs.

KATHLEEN
Thank you ha. 38 na ako.

JOMA
Pero masaya ka naman?

KATHLEEN
Na wala akong husband? Oo naman. Ang mahal kaya ng annulment!

Matatawa na lang si Joma sa sinabi ni Kathleen.

KATHLEEN (CONT'D)
Curious lang ako -- bakit hindi ka natuloy maging lawyer?

Hindi agad makasagot si  Joma.

JOMA
Change of plans. Change of priorities. Or nagbabago lang din talaga ang tao.

Ibabalik ni Kathleen ang tanong kay Joma.

KATHLEEN
Pero masaya ka naman?

Matatawa si Joma. Hindi agad makasagot. Makakarating sila sa labas ng isang mamahaling restaurant.

JOMA
Gusto mong kumain dito?

35 INT. FINE DINING RESTAURANT, AYALA TRIANGLE - SAME DAY

Nakaupo na si Joma at Kathleen sa loob ng restaurant. Walang masyadong tao. High ceilings. Elegant and glamorous ang buong lugar.

KATHLEEN
First time ko dito. Madalas ka ba dito?

JOMA
Di naman. Na curious lang ako kasi di ba, dating airport 'to. In fact, ito ang unang airport sa Pilipinas.

KATHLEEN
Airport noon, restaurant ngayon.

JOMA
Nakapunta ka na ba sa Mactan Island?

KATHLEEN
Oo. Umattend ako ng wedding doon once. Maganda ang beach!

JOMA
Dating battlefield ni Magellan at Lapu Lapu. Ngayon, kapag sinabing Mactan - iba na naiisip natin.
(MORE)

JOMA (CONT'D)
Tourist spot. Beach. Venue ng wedding. Nagbabago din ang lugar. Ang tao. Lahat nagbabago as years go by --

Darating ang order nila. Steak. Salad.

KATHLEEN
(magbibiro)
Oo nga, dati, fishballs at ice cream lang ang nilibre mo sa akin.

JOMA
Naalala mo, pinag-usapan natin, kung ano tayo 10 years after Edsa Dos.

KATHLEEN
Sabi ko may asawa at anak na ako.

JOMA
At sabi ko abogado na ako --

KATHLEEN
Nagkabaligtad. Funny, no?

Beat. Hindi alam ni Joma paano bubuwelo.

JOMA
Bumalik ako sa EDSA the next day.

KATHLEEN
Are you kidding? Ako din!!!

JOMA
Noong nag swear in na si Gloria?

KATHLEEN
Kinagabihan noon!

JOMA
Nakabalik ka pa? Hindi ka pinagalitan ng Mama mo?

KATHLEEN
(matatawa)
Tumakas ako.

Beat.

KATHLEEN (CONT'D)
I was hoping I'd see you again.

JOMA
Andoon ako. Konti nga lang ang tao.

KATHLEEN
I was there around 7pm.

JOMA
Mga ganoong oras din ako.

KATHLEEN
Hindi tayo nagkita --

JOMA
Sana nakuha ko yung number mo noon.
Kahit full name mo lang.

KATHLEEN
Para na-add mo ako sa Friendster?

JOMA
Wala akong Friendster.

KATHLEEN
Alam ko -

Kathleen smiles.

KATHLEEN (CONT'D)
Hinanap agad kita sa Friendster.
Pati sa Multiply.

Sabay silang matatawa.

KATHLEEN (CONT'D)
Sayang no? If only we stayed in
touch after Edsa Dos --

Beat.

Joma becomes nostalgic, magiging honest.

JOMA
Lagi akong nasa UP Diliman.
Nakikipag-meeting.

KATHLEEN
Ang lapit na noon sa Miriam.

JOMA
Kaya nga pagkatapos ng meeting,
tumatambay ako sa Katipunan.
Umaasang makikita kita doon.

Joma chuckles.

JOMA (CONT'D)
Yung sa tapat mismo ng gate nyo? Doon ako tumatambay. Mukha akong tanga --

KATHLEEN
Inaabangan mo ako?

JOMA
Hanggang sa isang beses, inabot ako ng ulan. Tapos bumaha sa Katipunan. Hindi ako nakauwi. Doon ako nag decide na tama na, Joma. Nagsasayang ka lang ng oras. Hindi mo na makikita ulit yung chicks na nakita mo sa Edsa Dos. Mag move on ka na --

He looks at her, sad smile.

JOMA (CONT'D)
Hindi na ako bumalik sa Katipunan mula noon --

Hindi alam ni Kathleen paano magri-react. May ibang mararamdaman. Panghihinayang. Nostalgia. Longing.

36 EXT. STREET, AYALA - LATER, NIGHT OF SAME DAY

Naglalakad sa may Ayala triangle sina Kathleen at Joma. May kanya-kanya silang tini-text. Si Joma ang unang matatapos sa pag-text, he looks at Kathleen, busy pa rin sa phone.

JOMA
Kliyente pa rin?

KATHLEEN
Hindi. Yung friend ko. Kinu-confirm kung anong oras ako pupunta sa miting de avance.

JOMA
Punta ka?

Tango si Kathleen.

KATHLEEN
Sana mag-cooperate ang pantog ko.

Mangingiti si Joma sa memory.

JOMA
Nagkakilala tayo dahil sa pantog
mo.

KATHLEEN
Ang gandang kuwento, no?

JOMA
(pretends to be in a
conversation)
“Saan kayo nagkakilala?” “Sa Edsa
Dos. Sa loob ng CR.”

KATHLEEN
Meet cute.

JOMA
Ha?

KATHLEEN
Yun ang tawag sa trope sa romcom.
Meet cute. First meeting ng mga
bida.

JOMA
(teasing/pacute)
So nasa romcom tayo?

KATHLEEN
(giggles)
Depende.

Beat.

KATHLEEN (CONT’D)
Papunta pa lang tayo sa exciting
part.

Joma’s phone rings. He ignores it.

KATHLEEN (CONT’D)
Baka importante -

JOMA
Okay na, tinext ko na. Nangungulit
lang.

KATHLEEN
May meeting ka ba dapat tonight?

JOMA
(smiles/pa kyut)
I haven't seen you in 20 years.
Cancel lahat ng meeting ko tonight.

Kathleen blushes sa sinabi ni Joma.

JOMA (CONT'D)
Coffee? Dessert? Wine? Wait -
Umiinom ka ba?

Kathleen giggles.

KATHLEEN
Okay ako sa wine. Pero - pwedeng
ako naman magbayad? Para fair.

JOMA
Gender equality?

KATHLEEN
Saka. 20 years na overdue yung
libre ko sa'yo -

37 I/E. OVERLOOKING BAR/SCENIC PLACE SA MAKATI - SAME NIGHT

May wine na sa harap ni Kathleen at Joma.

KATHLEEN
Right after Edsa Dos, I started
reading news. Naisip ko kasi, kapag
nakita kita ulit, ready na ako
makipag-discuss about current
issues. Tapos kapag may malaking
balita -- global man or nationwide,
I'd always wonder -- ano kaya
masasabi ni Joma tungkol dito.

JOMA
Naalala kita noong namatay si
Gokongwei.

KATHLEEN
Naalala kita noong namatay si Rico
Yan!

JOMA
Dahil magkasing gwapo kami?

KATHLEEN
Haha. Dahil di ba girlfriend niya si Claudine. Tapos nakita natin si Claudine sa rally.

JOMA
Crush ko si Claudine noon.

KATHLEEN
Ngayon ba, crush mo pa rin siya?

JOMA
Kay Julia na ako.

KATHLEEN
Pwede mo na maging anak yun!

JOMA
Kamukha ko ba si Dennis Padilla?

Matatawa si Kathleen.

KATHLEEN
Joker ka pa rin.

Kathleen remembers something.

KATHLEEN (CONT’D)
Ang dami ko ring inaral na Erap jokes noon.

JOMA
Parinig nga.

KATHLEEN
Siyempre, di ko na matandaan iyun! Tagal na noon.

JOMA
Pero ako, tandang-tanda ko pa lahat ng nangyari that night.

KATHLEEN
Pati yung pag-iyak ko dahil nawala yung wallet ko?

Tingin si Joma kay Kathleen.

JOMA
You remind me of Julia Barretto --

KATHLEEN
Ha???

JOMA
Oo. Kamukha mo si Julia Barretto noong bata ka.

KATHLEEN
Ngayon? Marjorie na?

JOMA
Mas Gretchen. Siya yung pinakamaganda --

KATHLEEN
Kailan ka pa naging bolero?

JOMA
Seriously, bakit wala kang asawa? Sinong nanakit sa'yo?

KATHLEEN
Nanakit agad?

JOMA
Or masyado ka lang bang pihikan?

KATHLEEN
Kaka break lang namin ng boyfriend ko last year.

JOMA
Malas niya. Bakit?

Kathleen sighs. Parang bubuwelo sa ikukuwento.

KATHLEEN
On weekends, nakakausap ko ang mga babaeng victim of abuse -- tapos kapag kasama ko si Martin, wala din ako pinagkaiba sa mga clients ko...

JOMA
Tangina. Sinasaktan ka niya?

KATHLEEN
Verbally. Emotionally. And I put up with it. Sabi ko baka stressed lang siya. Baka napo-provoke ko. Maybe I was asking for it. Saka -- verbal lang naman. Nagsosorry naman siya agad. Sweet naman siya kapag hindi siya tinotopak. Daming red flags na pinalampas ko. Alam mo bang pinababa niya ako sa kotse niya ng madaling araw dahil nag-away kami?

JOMA
What an asshole!

KATHLEEN
I know. Pero pinatawad ko pa rin. Di ko napapansin, nagaga-gaslight na pala ako. And then in one heated argument, muntikan na niya akong masapak -- sabi ko that's it. Hihintayin ko pa bang magkapasa ako?

Kathleen turns sad, mapapainom ng wine bago ituloy ang kuwento.

KATHLEEN (CONT'D)
Mula noon, hindi na ako nakipag relasyon. Ni makipag-date ayoko na muna. Okay na ako na ganito. I'd rather be single than settle in a relationship.

Beat. She turns to Joma.

KATHLEEN (CONT'D)
Ikaw naman magkuwento.

JOMA
Ano ikukuwento ko?

KATHLEEN
Kung ano na nangyari sa'yo after Edsa. Kelan ka tumigil mag rally? At - ano na ginagawa mo ngayon.

JOMA
Ang boring ng buhay ko. Mas gusto ko makinig sa'yo.

Magkakatinginan sila. Matagal. Kathleen throws a question.

KATHLEEN
Bakit mo ako inaabangan sa Katipunan?

JOMA
Ha?

KATHLEEN
Sabi mo kanina di ba, lagi mo akong inaabangan sa Katipunan. Bakit?

JOMA
Tinatanong pa ba yun?

Si Joma naman ngayon ang mapapainom. Parang naghahanap ng lakas ng loob sa alcohol.

KATHLEEN
Alam mo bang two million ang nasa Edsa shrine noong araw na nagkakilala tayo?

JOMA
Talaga?

KATHLEEN
Grabe, no?!

JOMA
What are the chances na sa two million na taong andoon, ikaw yung nakasama ko buong araw...

Habang magkausap sila, hindi inaalis ang tingin sa isa't-isa, palapit nang palapit ang mga mukha.

KATHLEEN
I don't think it's coincidence.

JOMA
No. Hindi yun nagkataon lang.

Ilalapit pa ni Joma ang mukha niya kay Kathleen.

KATHLEEN
Impossibleng walang patutunguhan ang ganoong klaseng encounter.

JOMA
Parang itong pagkikita natin ngayon. Hindi ito nagkataon lang -

KATHLEEN
Ano to? Serendipity?

They look at each other. Makapal ang sexual tension. And then they kiss passionately.

38 INT. HOTEL ROOM - LATER, SAME NIGHT

Kathleen and Joma are having sex sa hotel room ni Joma.

39 INT. HOTEL ROOM - NEXT DAY

Kathleen wakes up the next day, beside Joma, who is still sleeping. Both naked, Joma's arm is around Kathleen, her head leaning on his shoulder. Kathleen looks at Joma, sleeping soundly. She smiles fondly at him. Joma stirs and wakes up, and smiles at Kathleen.

JOMA
'Morning --

Mahihiya si Kathleen na nahuli siya ni Jomang nakatitig dito. She attempts to stand up but Joma grabs her arm and pulls her back sa bed.

JOMA (CONT'D)
Dito ka lang.

He wraps his arms and legs around her, spooning her.

KATHLEEN
Kelan flight mo?

JOMA
Bukas. But I can extend kung gusto mo -

KATHLEEN
Di ka boboto sa Monday?

Hindi sasagot si Joma. Iibahin usapan.

JOMA
Anong plans mo today?

Gagayahin ni Kathleen ang sinabi ni Joma.

KATHLEEN
Cancel lahat ng plano. I waited 21 years for this.

Joma spoons her tightly. Harutan. Mauuwi sa morning sex.

40 INT. DINING AREA, HOTEL - SAME DAY

Kathleen is still wearing the clothes she wore the day before. Joma has changed into shirt and cargo shorts. They are having breakfast sa dining area ng hotel.

JOMA
May meeting lang ako after lunch pero sandali lang yun.

KATHLEEN
Mall lang ako habang wala ka. Bili ng damit. Saka - baka tumingin-tingin na rin sa labas kung ano na nangyayari.

JOMA
Pupunta ka ba sa Miting de Avance?

KATHLEEN
Gusto mo bang pumunta? Silip lang?

JOMA
Let’s see.

KATHLEEN
Naka-attend ka ba ng rally ni Leni sa Cebu?

Iling si Joma, matatawa.

JOMA
Hindi na ako nagra-rally. Masyado na akong matanda para diyan.

Matitigilan si Kathleen, slightly disappointed.

KATHLEEN
Nabalitaan mo yung mga pumunta sa unang Edsa Revolution, tapos sumasama sila sa mga sortie ni Leni?

Tango lang si Joma, smiles at Kathleen as he continues to eat.

KATHLEEN (CONT’D)
Kelan ka tumigil?

Magkukuwento si Joma while chewing on his food.

JOMA
Noong nagkasakit ang Nanay ko. Doon ko na-realize, nagpapakamatay ako para sa bayan, pero yung pamilya ko, hindi ko naman natututukan. Mamamatay na yung Nanay ko, hindi ko pa matulungan.

KATHLEEN
Sabi mo noon, anak ka ng bayan.

JOMA
Bago ako maging anak ng bayan, anak muna ako ng Nanay ko. May responsibilidad ako sa bayan pero may pananagutan din ako sa pamilya ko.

Beat. Magkukuwento si Joma.

JOMA (CONT'D)
May nag-alok sa akin ng trabaho. Seaman daw. Nagsimula akong taga-tanggal ng kalawang sa barko. Doon ko lang nalaman na may ganoong trabaho pala -- ilang buwan kong tiniis yun. Tapos na promote ako, naging dishwasher. Pero yung mga hinuhugasan ko-- ganito kataas na mga plato.

Joma muwestra ng mataas na pile ng dishes.

JOMA (CONT'D)
Parang mauulol ako noon sa pagod at lungkot. Gusto kong tumalon sa dagat. Pero sabi ko -- kung nakaya kong magmartsa sa kalye, kung nagawa kong makipagtulakan at girian sa rally -- ano ba naman itong mga kalawang at plato sa harapan ko.

KATHLEEN
And that changed you?

JOMA
Hindi. Hindi pa doon. Kahit naman nasa barko ako -- nakikipag usap pa din ako sa mga kasamahan ko. Alam ko pa din ang nangyayari sa bansa natin. Aktibo pa nga ako noong 2004 eleksyon.

KATHLEEN
First time kong bomoto noon! I voted for Roco.

JOMA
Lacson kami. Bumilib kasi ako sa kanya sa Edsa Dos. Kaibigan siya ni Erap, di ba? Siya pa nga ang PNP Chief pero noong last night ng Edsa, tumiwalag niya...

KATHLEEN
But Gloria won. Si Roco ang Presidente ko pero malakas si FPJ sa survey kaya naisip ko - Sana mandaya si Gloria. Para siya ang manalo.

JOMA
(chuckles)
Be careful what you wish for -

KATHLEEN
Looking back. Parang mas okay siguro kung si FPJ nga yung nanalo. Kasi- mabuti siyang tao. Alam mong hindi siya magnanakaw.

JOMA
Edsa Dos gave us Gloria. Pero anong nangyari. Hindi naman nagbago ang buhay natin. Mas grumabe pa ang korapsyon. Nag EDSA dos tayo para patalsikin si Erap - pero nasan ba si Erap ngayon? Na-convict pero isang buwan lang, pinardon. Tumakbo ulit na Presidente. Nanalo pang Mayor!

KATHLEEN
Kung nakulong siya for plunder, it would have changed our history. Imagine - a President going to jail for plunder!

Maiiling si Kathleen, dismayado.

KATHLEEN (CONT'D)
Pero pinardon ni Gloria. Nagkabati din sila. At ngayon magkakasama silang sumusuporta sa Magnanakaw!

Joma gets a text message. He reads it. He sighs. Kathleen notices this.

KATHLEEN (CONT'D)
Bakit?

JOMA
Kailangan ko bumili ng susuotin para sa meeting.

KATHLEEN
Tara sa mall?

41 INT. MALL - LATER, SAME DAY

Joma and Kathleen are walking sa Greenbelt mall. Reminiscent of their first meeting. Different malls. 21 years apart.

KATHLEEN
Ngayon lang ulit ako nakapasok sa mall -

JOMA
(magbibiro)
Pinagbabawalan ka pa rin ng Mama mo?

Matatawa si Kathleen.

KATHLEEN
Hindi. Nakakatamad lang. Sayang oras. Lahat naman, pwede na online.

Papasok sila sa isang expensive na boutique.

42 INT. SHOP/BOUTIQUE, MALL - SAME DAY

Pumupili ng long sleeves si Joma, tinutulungan siya ni Kathleen.

KATHLEEN
San ba meeting mo?

JOMA
Sa Solaire.

May dalawang long sleeves na ipapakita si Joma kay Kathleen.

JOMA (CONT'D)
Which one?

Turo si Kathleen sa kulay blue na long sleeves.

KATHLEEN
Bagay sa'yo ang blue --

JOMA
Mas bagay ka sa akin.

Kathleen giggles.

KATHLEEN
Ba't ganon? 38 na ako pero nakakakilig pa din.

Joma gives the long sleeves sa staff, iaabot din ang credit card.

KATHLEEN (CONT'D)
Wait - ano nga ba work mo? Naging engineer ka ba?

JOMA
I'm working for DMX Group.

Matitigiln si Kathleen.

KATHLEEN
Yung Mining Company?

Joma smiles.

JOMA
Mining. Gasoline Station. Publication.

KATHLEEN
Owned by Wendell Chan.

Mapapansin na bothered si Kathleen sa nalamang information from Joma.

43 EXT. STREET, AYALA - SAME DAY

Naglalakad na sa labas ng Mall sina Joma at Kathleen. Hawak na ni Joma ang paper bag ng biniling damit.

By this time, nagbu-build up na ang mga tao sa Ayala para sa Miting de Avance.

Parang nasa Edsa Dos ulit si Kathleen and Joma -- only, different crowd. Different circumstances.

Bothered pa rin si Kathleen.

KATHLEEN
What do you do sa DMX? Paano kayo nagkakilala ni Wendell Chan? You know he's being investigated sa Senate because of his shady deals with the foreign investors, right?

Joma chuckles, tries to appease Kathleen.

JOMA
Innocent until proven guilty, di ba? Ikaw na din nagsabi -- iniimbestigahan.

Tahimik na si Kathleen. Joma reaches out to hold her hand.

KATHLEEN
Hindi ko lang ma-reconcile... na nagtatrabaho ka ngayon kay Wendell Chan. Kelan pa?

JOMA
Matagal na.

KATHLEEN
Five years? 10 years? Before or after the Presidential election in 2016?

JOMA
I met Wendell in 2010. Sa kampanya for Villar.

Shocked si Kathleen.

KATHLEEN
Si Villar ang binoto mo noong 2010?

JOMA
Hindi ako bomoto. Pero isa ako sa mga campaign leaders for Villar sa Cebu. Doon kami nagkakilala ni Wendell. Siya yung isa sa mga leaders sa Mindanao --

Unti-unting nagbu-build up ang frustration ni Kathleen.

KATHLEEN
And you worked for him since then?

JOMA
Noong 2016 ako pumasok sa company niya --

KATHLEEN
After the Presidential election?

Kita ang disappointment and frustation sa tono ni Kathleen.

JOMA
May problema ba?

Kathleen sighs.

KATHLEEN
Hindi naman sa jina-judge kita --

Magbibiro si Joma.

JOMA
Dahil lawyer ka pa lang, di ka judge --

Pero hindi matatawa si Kathleen sa joke ni Joma.

KATHLEEN
-- huwag kang maooffend. Naiintindihan ko if you supported Duterte in 2016. Madami akong kaibigan na nauto niya --

JOMA
Woah. Woah. Nauto?

KATHLEEN
Sorry. Madami akong kaibigan na naniwala sa kanya. Change is coming. Tapang at Malasakit. Tatay Digong. We needed a hero. We wanted change. Kaya siya nanalo -- gets ko yun!

JOMA
May binigay siyang bagong solusyon na hindi naibigay ng lahat ng mga naging pangulo natin...

KATHLEEN
Kaya nga kumapit ang bansa sa kanya. We saw him as our only hope.

JOMA
He gave us hope.

KATHLEEN
Pero six years after -- andyan ka pa din?

JOMA
What do you mean?

KATHLEEN
Naniniwala ka pa din sa kanya? Sinusuportahan mo pa din siya?

JOMA
Teka, sandali. Bakit parang attack ito sa akin? Sabi mo, updated ka sa news. So alam mo na sa latest survey, 67 percent ang approval rating ni Duterte! Marami siyang nagawa...

KATHLEEN
So since we are talking about statistics -- 20,000 killed in the drug war. 4.7 Million unemployed Filipinos at present. 13 Trillion na utang. Binebenta na tayo ng presidente mo sa China!!! At okay lang sa iyo lahat ng ito?

JOMA
Kath --

KATHLEEN
Ikaw na ilang taon kang nasa streets. Nilalabanan ang mga nakikitang mali sa government. And now you're part of the government! Hindi ko lang maintindihan. Anong nangyari. Is it money? Napagod ka na lumaban kaya sumuko ka na lang?

Joma sighs.

JOMA
May dalawanag klaseng left group. Yung isa, para sa paninindigan. Kapag may naapi, pinagtatanggol. Pinaglalaban yung karapatan. Kung ano ang tama. Yung pangalwang grupo, pang de-stabilize. Para sa rebolusyon. Wala naman inoofer na solusyon. Gusto lang manggulo at lumaban.

Joma looks at Kathleen's eyes.

JOMA (CONT'D)
Hindi ako napagod lumaban, Kath. Pinipili ko lang kung saan ako lumalaban ngayon.
(MORE)

JOMA (CONT'D)
Mas mabuti na yung merong mga
katulad namin sa gobyerno ngayon -

Hindi na sasagot si Kathleen. They continue walking. They stop in front of a giant tarpaulin or banner na may mukha ni Leni at Kiko.

Kathleen turns to Joma, curious.

KATHLEEN
Sinong Presidente mo sa Lunes?

Hindi sasagot si Joma. In his silence, Kathleen gets his answer.

44 EXT. STREET, AYALA - LATER, NIGHT OF SAME DAY

Sa isang area a few meters away from the main area of miting de avance, nakaupo si Kathleen at si Andrea sa pavement/gutter.

May malaking video wall sa harap nila kung saan pinapakita ang nangyayari sa stage ng miting de avance.

Tahimik lang si Kathleen. In deep thoughts. Pina-process lahat ng nangyari in the last 24 hours.

Maririnig natin mula sa giant screen si Leni, nagsasalita.

VP LENI
(giant screen)
Nakaparaming aral ang ibinahagi sa
atin ng mga nakaraang buwan.

Kathleen's phone rings. Joma calling. Mapapatingin si Kathleen sa phone niya.

INTERCUTTING
WITH

45 EXT. STREET, AYALA - SAME NIGHT

Sa isang area malapit sa rally, we see Joma, tinatawagan si Kathleen. Habang hinahanap si Kathleen sa crowd.

VP LENI
(giant screen)
Natutuhan natin: palaging mas
radikal ang magmahal.

Hindi makikita ni Joma si Kathleen na nakaupo sa harapan lang niya. Lalampasan niya lang ito.

46 EXT. STREET, AYALA - SAME DAY

Back to Kathleen.

Nakatingin pa rin si Kathleen sa phone niya na ring lang nang ring.

VP LENI
(giant screen)
Ang tunay na pag-ibig, niyayakap ang lahat.

Hindi natin alam if she answers the phone or if she ignores Joma’s call.

Behind her, patuloy lang din si Joma sa pagtawag sa kanya, hindi ito makontak, pero hindi sumusuko sa paghahanap kay Kathleen sa crowd.

**THE END**